# *Ano Ang Atraksiyon Sa Bundok?*

Manampalataya lamang, manampalataya lamang
Lahat ay magagawa, manampalataya lamang.

Ating iyuko ang ating mga ulo ngayon.

Amang Diyos, iyan ang aming taimtim na panalangin ngayong gabi na, nakikita ang lahat ng mga ginagawa Mo sa mga tao sa araw na ito. At hinihiling namin sa Iyo, Panginoon, nawa'y manampalataya lamang kami, manampalataya lamang na Ito ang Katotohanan, ang naisulat na Salita na nahayag sa amin. Ipagkaloob ang mga bagay na ito, Ama.

2 Ngayon sa gabing ito nais naming pasasalamatan Ka dahil sa—sa Liwanag na Iyong isinaboy sa Kasulatan para sa amin kaninang umaga. At dumadalangin kami ngayong gabi, Panginoon, na doon sa hanay ng panalangin, Iyong pagtitibayin ang Iyong Salita na ito ang Katotohanan.

3 Idinadalangin namin ang lahat ng mga iglesya at ang lahat ng kongregasyon na nagkakatipon sa lahat ng dako ng—ng—ng mumunting mikropono na nasa labas ng lupain, mula sa bansa, hanggang sa Kanlurang Baybayin, hanggang sa itaas ng mga bundok ng Arizona, hanggang sa mga kapatagan ng Texas, hanggang sa Silangang Baybayin, sa palibot ng buong bansa, Panginoon, kung saan sila ay nagkakatipon. Malaki ang pagitan namin sa oras, kami ay nasa oras, ngunit, Panginoon, magkakasama kami ngayong gabi bilang isang bahagi, mga mananampalataya, naghihintay sa Pagdating ng Mesias. Dumadalangin kami, Makalangit na Ama, na Iyong isugo Siya nang madali para sa Iyong Iglesya. Sapagkat hinihiling namin ito sa Kaniyang Pangalan. Amen.

4 Maaari na kayong makaupo. Kristiyanong pagbati sa lahat ng mga naririto ngayong gabi. Humihingi ako nang paumanhin na tayo'y nananatiling siksikan at punong-puno na hindi na tayo halos makahinga. Maging ang mga air-conditioner, maging ang lamig nito, ay walang gaanong epekto, dahil sa rami ng tao. Kung mayroon lamang isangkaraniwang simbahan na kahit pa mapuno ng tao, giginawin kayo sa mga air conditioner na iyon. Ngunit ngayon lahat ay may hawak na pamaypay, ma ipinapaypay, at ang mga air conditioner ay umiihip ng todo sa abot ng makakaya nito.

5 Ipinaaabot namin ang pagbati mula sa Silangang Baybayin hanggang sa Kanluran, sa lahat ng mga kaibigan natin kay

Kristo, na nakikinig ngayon. Ipinaaabot namin ang pagbati riyan sa San Jose, kay Kapatid na Borders, ang lupon sa lugar na iyon. Ipinaabot namin ang pagbati doon sa kabundukan ng Prescott, Arizona, kay Kapatid na Leo Merciers at ang kaniyang lupon na naririyan naghihintay sa Pagdating ng Panginoon. Ipinaaabot namin ang pagbati diyan sa mga nasa Tucson, na nagkakatipon sa gabing ito, naghihintay sa Pagdating ng Panginoon. Hanggang sa Houston, Texas, sa mga naghihintay sa pagdating ng Panginoon. Hanggang sa Chicago, sa mga naghihintay sa Pagdating ng Panginoon. Hanggang sa Silangang Baybayin, sa New York at sa Connecticut, at sa malalaking mga grupo na naririyan, na naghihintay sa Pagdating ng Panginoon. Wala tayong sapat na dako rito para sila makaupo, kaya atin na lamang ipinaaabot sa kanila ang Salita sa pamamagitan nang—nang paraan ng telepono. Ipinaabot namin ang pagbati kay Kapatid na Junior Jackson sa gabing ito, at sa kaniyang grupo diyan sa Clarksville. Kay kapatid na Ruddell, na naririyan sa animnapu't-dalawa, at sa kaniyang grupo, naghihintay sa Pagdating ng Panginoon. At nagkakatipon tayo rito ngayong gabi sa tahanang iglesya, ang tabernakulo, na naghihintay sa Pagdating ng Panginoon.

6 At ngayon, marahil marami sa inyo ang wala sa gawain kaninang umaga. Ngunit umaasa ako na ang lahat, na hindi wala, ay makakuha ng teyp niyon, sapagkat ako'y naniniwala na iyon ang pinakatuwirang Mensahe para sa iglesya mula nang maipangaral ang—ang Mensaheng *Mga Ginoo, Anong Oras Na Ba?* Nadama ko ang pahid ng Espiritu, sasabihin nadama ang pangunguna upang sasabihin kung ano ang ginawa ko. Ito ay mahaba, gayunman nadama kong kailangang gawin iyon. At sa palagay ko ang Panginoon, sa pamamagitan ng Kaniyang Salita, ay ipinakita kung anong panahon na ang ating kinabubuhayan. At ating siguraduhing na ating naunawaan itong mga misteryong bagay na nagaganap. Alam n'yo, ang sabi ng Biblia, "Ang marunong ay makakaunawa."

7 Datapuwa't ang mga bansa at ang mga tao ay maging "mahina at higit na marunong." Pakaisipin, ang pangkaraniwang Amerikano ngayon na nasa gitnang gulang, halos mga dalawampung taon ang edad, mahina subalit higit na marunong. Wala silang eroplanong mabibilis sa kanilang panahon, at—at mga pandigmang atomika, subalit sila'y nabubuhay nang mas mahaba. Tayo'y nagigng mahina at higit na marunong, at ang sarili nating karunungan ang magpapahamak sa atin. Tayo ang magpapahamak sa ating sarili. Hindi ang Diyos ang magpapahamak sa atin; ang karunungan natin ang magpapahamak sa atin. Palaging ganoon ang pangyayari, at muli itong mangyayari.

8 Ngayon, loobin nang Panginoon, sa susunod na Linggo ng umaga, hindi ko pa alam ngayon kung ano ang aking

ipangungusap, ngunit ako'y nagtitiwala na ang Panginoon, kung pahintulutan Niya mabubuhay pa at walang mangyayari, at kung Kaniyang loloobin, nilalayon natin na mangusap ng isa pang Mensahe sa darating na Linggo ng umaga, magkakaroon ng panalangin para sa mga may karamdaman sa susunod na Linggo ng gabi. Pagkatapos pagkakataon kong uuwi na sa aming tahanan sa Arizona, upang maiuwi ko ang aking pamilya upang ang mga bata ay makapagpatala sa paaralan. Pagkatapos kayo ay magiging. . . Ipaaalam namin sa inyo, kaagad-agad, sa mga pagtitipon habang nalalapit na ang mga ito, o sa mga panahon na aming. . . mga lugar na ating binabalak pagdausan. Kaya, pagpalain kayong lahat ng Dios.

9 Ngayon sa gabing ito, nalalaman na ito'y. . . Atrasado na ako ng labinglimang minuto, sa simula pa lamang, labinglimang minuto bago mag ikawalo ang oras dito sa Jefersonville; at iyan halos ay labinglimang minuto bago mag-ikasiyam sa Silangang Baybayin, at kung gayon ito'y halos ikalima sa Kanlurang Baybayin. Kaya ngayon halos palubog na ang araw dito. At nais kong mangusap sa inyo sa isang maikling gawain, sisikaping masusumpungan ang pahid ng Espiritu, at pagkatapos tatawag ng hanay na panalangin.

10 At nais kong ang kongregasyon dito, gayundin sa mga kongregasyon na nagkakatipon sa ibang mga lugar, humanap ng isang lalaki, isang kapatid na lalaki na may pahid nang Espiritu; at kapag nagsimula na tayong manalangin sa mga may sakit, ipatong ninyo ang inyong mga kamay diyan sa inyong mga kongregasyon. Alalahanin, ang Diyos ay nasa lahat ng dako; Siya'y nasa lahat ng dako. Kaya, diyan sa Texas, maging sa California, at sa Arizona, saan man kayo naroroon, ipatong ninyo ang inyong mga kamay doon sa mga maysakit kapag sinimulan na nating nalangin sa may sakit. At natitiyak kong pakikinggan at tutugunin ng Diyos ang panalangin.

11 Kakaibang bagay, noong Linggo ng gabi, at ang pagkapahid ay nagpapatuloy, at ang Espiritu Santo. . . Kahanga-hangang bagay iyon. Matagal-tagal na rin akong hindi—hindi nakapagdaos ng hanay na pagkikilala sa loob ng maraming buwan, mula nang huli akong naparito. At pagkatapos ang paglakad doon sa ilalim ng pangako. . . Hindi mo alam na gagawin Niya ito. Hindi mo maaaring sabihin na gagawin Niya ito. Ang magagawa mo lamang ay lumakad doon at maghintay. Siya ay kataas-taasan. Gagawin Niya kung ano ang nais Niyang gawin. Sadyang tumayo ka lamang doon at maghintay upang makita kung ano ang Kaniyang gagawin, pagkatapos damhin Ito na pumasok ang katulad niyan.

12 At sa dulong—ng gawain, hindi kung saan mo alam kung sino iyon, ngunit mayroon isang—isang matangkad na lalaking nasa pila, kalbo ang ibabaw ng ulo, at siya ay isang taong malubha ang karamdaman.

13 At sa wakas mismo, may isang lalaking nagpakita rito sa entablado, at nakayuko ang kaniyang ulo, at para siyang nahihirapan, hinahawakan ang kaniyang tiyan. At inakala ko na siya na ang unang lalaki o pangalawang lalaki, o kung pang-ilan man siya ay akin siyang ipananalangin, 'mangyari kalbo siya at nakayuko ang kaniyang ulo; isang malaking lalaki, sobrang pakakayuko. Ngunit tumingin ako sa palibot at nakita ko ang isang maginoong lalaki na nakaupo roon, subalit siya ay nagsasaya. Naisip ko, "Nasaan na kaya?" Hindi ko malaman kung nasaan na iyon. Nararamdaman iyon at nakita ko ang lalaki na nasa aking harapan.

Naramdaman ko na may humatak sa gawing ito, at galing ito sa likuran. Tiningnan ko si Kapatid na Neville at ang dalawang nakaupo dito, hindi sila iyon. Ang sabi ko, "Nasa loob ng baptisteryo ang lalaking iyon doon sa likuran." At alam n'yo ba kung sino iyon? Si Kapatid na Shepherd. Ang dahilan kung bakit hindi ko siya nakilala, dahil sa siya ay nakayuko at nakaupo sa bandang likuran na nakayuko ang ulo niya, nananalangin.

14 Inaakala niya na mamamatay na siya, na iniisip iyon sa huling nagdaang ilang mga linggo. Sinabihan siya nang kanyang asawa na bumili ng isang bagong pares na sapatos, at kaniyang sinabi, "Hindi ko kakailanganin iyan. Hindi naman ako magtatagal nang ganoon dito."

15 At nakasalubong niya ako noong isang araw sa . . . doon sa bakuran, ni Kapatid na Wood's, nagsisigaw at nagpupuri sa Diyos. Ang sabi, "Nakakakain na ako nang bacon, mga itlog, mga kamatis, anumang naisin ko."

16 At buong pagpapakumbabang ipinaubaya niya ang kaniyang upuan, umaalis doon sa daanan, nanalangin. Kita n'yo, hindi na ninyo kailangan ng prayer card, ang tanging kailangan ninyo ay pananampalataya. Kita ninyo?

Ngayon, hindi ko alam kung gumaling na siya o hindi, ang sinabi ko lang, "Isang—isang lalaki, na nananalangin, mayroon siyang isang bagay na dinaramdam." Sa wari'y ko'y ang tawag dito ay "Pananakit ng tiyan, at nananalangin rito sa bandang likuran. Pinagaling ka na nang Panginoong Jesus." Ngayon, iyon lang ang aking masasabi. Ang batak ay naroon ng siya ay nananalangin. Nakikita ko, ngunit kung ano ang nangyari ay hindi ko na alam. Kita n'yo?

17 Ngunit kapag nadinig mong Ito'y bumabalik, ang bawat isa ay nakakaalam, kapag sinabi Nito "GANITO ANG SABI NG PANGINOON," kita n'yo, hindi na ako ang nangungusap kung gayon; Siya na iyon.

18 Ngunit lagi kong sinasabi, "si Jesus Cristo ang nagpagaling sa iyo," iyan talaga ang Katotohanan. "Nasugatan Siya dahil sa ating pagsalangsang, sa pamamagitan ng Kaniyang mga latay tayo ay pinagaling." Kita n'yo? Kita n'yo?

19 Subalit kapag dumating Itong, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON,” at sabihin sa iyo kung ano ang dapat mong gawin at kung ano ang mangyayari, masdan iyon, gayon nga ang mangyayari.

20 Subalit kapag sinabi ko, “Pinagaling ka na ni Jesus Kristo at lubos kang pinagaling,” sinampalatayanan mo ito, ‘pagkat dahil sa sinalita na Niya ito. Inuulit ko lang kung ano ang salita Niya.

21 At ang isang pangitain ay inuulit lang kung ano ang ipinakita Niya. Nauunawaan ba ninyo?

22 Ngayon tayo ay magmadali at tutungo kaagad tayo sa Salita, sapagkat alam ko na marami sa inyo na naririto, ay maglalakbay pa nang malayo ng mga milya sa gabing ito. Dalangin ko na pagpalain kayo ng Diyos, at tulungan kayo at ingatan kayo sa inyong mga daraanan. At ngayon nais kong magbukas sa San Mateo ngayong gabi, sa ika-21 kabanata, at sa talatang 1 hanggang 11, ng San Mateo. At, ngayon, kung wala kayong Biblia, o kung nais ninyong ilista ang mga Kasulatang ito, mabuti.

23 At ngayon sa inyo na hindi nakapakinig ng Mensahe kaninang umaga, at mayroon kayong teyp recorder; hindi namin iminumungkahi, ang pagbebenta ng mga teyps. Hindi namin iminumungkahi, ang pagbebenta nang anomang bagay. Kung minsan sa isang malaking pagpupulong ay kanilang ipinatatalastas na mayroon silang mga aklat doon sa likuran; hindi kami gumagawa nang mga iyan. Si Kapatid na Vayle ang manunulat. Ang mga teyps, ang tao na nagpapatakbo sa hanapbuhay sa teyp ang magsasabi sa inyo, hindi kami gumagawa nang pagkakakitaan sa mga teyp. Hindi kami. . . Hindi “lang mga teyps” na ito; ito’y ang Mensahe. At kapag may taong nag-iisip na ito ay pagkakaperahan, hindi na siya maaaring gumawa pa ng mga teyp. Iya’y tama. Nagtatanong ako tungkol dito, sa palagay ko ang ating mga teyp ay naibebenta sa halaga, na mababa pa sa limang dolyar, o parang gano’n, tatlo o lima, o parang katulad niyan. Anong sabi? Tatlo o apat, para sa mga malalaki, at mahahabang teyp.

24 At may isang ministro, nagtanong ako tungkol sa isa mga teyp niya, at ito ay siyam na dolyar, mga dalawampung minuto o tatlumpu, ng bawat mensahe.

25 Kaya nakikita ko na ang ating kapatid na Sothmann doon sa likuran ay hindi yumayaman, sinuman sa kanila, sa mga teyp na ito na kanilang—kanilang inilalabas. Kita n’yo, sapat lang ang kinikita nila para makapagpatuloy sila sa paggawa nito. Hindi naman natin maaaring sabihin sa kanila na gawin ito nang walang bayad, dahil kailangan din nilang bumili ng mga teyp at lahat ng iba pa. At ang makinarya ay napakamahal, nagkakahalaga siguro nang sampung libong dolyar upang

makapagtayo at gumawa nang mga teyp na iyon, para ito'y masimulan.

26 Ngayon, nauunawaan ko na nalalapit akong. . .hindi pa ito ipanababatid. Subalit may pagdinig na naman tungkol sa mga teyp. Paminsan-minsan palagi tayong. . .ang mga taga- pangasiwa, hindi ako nakikialam sa mga bagay na iyan kailanman. Ni hindi nga ako. . .kailanman wala akong nadaluhan sa alinmang pagpupulong. Ito man ay maging— maging sang-ayon o laban. Isinusumite nila ang mga presyo nila; ang mga tagapangasiwa ang nagpapasiya kung sino ang susunod na gagawa ng mga teyp, at ito'y kanilang pinadadalhan ng liham. Iyon lang ang nalalaman ko tungkol dito. Sila ang nangangalaga niyan, dahil sa hindi ko na nga magawang ialay ang mga bata magawa ko pa kayang pangalagaan ang mga teyps, o kahit, ang pagbabautismo.

27 Kaya nakatuon na lamang ang isip ko sa Mensaheng ito, iyan ay ang Ikatlong Hatak, at diyan ako dapat maging tapat at gumalang ng lubos.

28 Mateo 21:1 hanggang 11. Sinabi ko iyon upang kayo'y maging mapagbantay para sa. . .o sa pagbubukas ng mga Kasulatan.

> *At nang* ang. . .*At nang malapit na sila sa Jerusalem, at magsidating sa Bethfage, sa bundok ng mga Olivo,* . . . nagsugo si Jesus *ng dalawang alagad* niya,
>
> At *sinasabi sa kanila, Magsiparoon kayo sa nayong nasa tapat ninyo, at pagdaka'y masusumpungan ninyo ang isang nakatali na babaing asno, na may kasamang isang batang asno: kalagin ito, at dalhin ito* sa *akin.*
>
> *At kung ang sinoman ay magsabi ng anoman sa Isasabihin* ninyo, *Kinakailangan sila* ng *Panginoon; at pagdaka'y kaniyang ipadadala sila.*
>
> Nangyari nga *ito, upang matupad ang sinalita sa pamamagitan ng propeta, na nagsasabi,*
>
> *Sabihin ninyo sa* anak na mga babae *ng Sion, Narito, ang Hari mo'y pamaparito sa iyo, na mapagkumbaba . . . at nakasakay sa isang asno, at isang batang asno na anak ng babaing asno.*
>
> *At nagsiparoon ang mga alagad, at ginawa ang ayon sa ipinag-utos ni Jesus sa kanila,*
>
> *At* kanilang *dinala ang—ang babaing asno, at ang batang asno, at inilagay nila sa ibabaw ng mga ito ang kanilang mga damit, at dito siya'y sumakay.*
>
> *At inilatag sa daan ng kalakhang bahagi ng karamihan ang kanilang mga damit; at ang mga iba'y nagsiputol ng mga sanga ng mga punong kahoy, at* inilatag *sa daan.*

*At ang* karamihan *ay nangasa unahan niya, at ang nagsisisunod, ay nagsisigawan, na nagsisipagsabi, Hosanna sa anak ni David: Mapalad ang pumaparito sa pangalan ng Panginoon; Hossana sa kataas-taasan.*

*At nang pumasok si Jesus sa Jerusalem, ay nagkagulo ang buong bayan, na nagsasabi, Sino kaya ito?*

*At sinabi ng mga karamihan, Ito'y ang propeta Jesus na taga Nasaret ng Galilea.*

29 Ngayon, kung huhugot ako ng isang teksto mula riyan, sa loob ng tatlumpung minuto bago magsimula ang hanay na panalangin, nais kong kunin ito para sa isang teksto; *Ano Ang Atraksiyon Sa Bundok?*

30 Ngayon, lubhang nakakapagod, naka- kanerbiyos ang araw na ito, at hindi ito pangkaraniwang araw. Makikita natin dito si Jesus na dumarating papasok sa Jerusalem, nahahandang dumalo sa paskua. At dito sa paskua kung saan ang hain ng cordero ay pinapatay, at ang dugo ay winiwisik sa luklukan ng awa para sa—sa pagtakip sa—sa mga tao. At Siya'y nagmula sa Betfage at pumanhik sa tuktok ng Bundok ng mga Olivo, na tumitingin sa ibaba sa may dako ng maliit na burol na kung saan itinayo ang bayan ng Jerusalem. At habang Siya'y nakatingin, at alam niya na ito na ang Kanyang huling pagbisita.

31 Ito ang oras na kung saan Siya ay ibibigay sa mga kamay ng mga taong makasalanan at kanilang papatayin Siya. Siya'y mamamatay sa isang kahindik-hindik na kamatayan na hindi kailanman dinanas na kamatayan ng sinomang mortal, at mailibing. Siya'y ipagkakanulo nang Sariling Kaniya, iilan sa kanila ay kasa-kasama Niya. At Siya, palibhasay Diyos, alam kung ano ang laman ng kanilang mga puso, at alam sa pasimula pa lamang kung sino ang magkakanulo sa Kaniya. At alam na ang taong yaon ay kasa-kasama Niya na umupong katabi Niya at binilang ang Kaniyang salapi sa harap Niya, at iba pa, kilala na ang taong iyan ang siyang magkakanulo sa Kaniya. At alam na may isang malupit na Romanong krus na naghihintay sa Kaniya roon sa labas. Alam Niya na ang Kaniyang tubig sa Kaniyang katawan at ang Dugo ng Kaniyang katawan ay maghihiwalay, at na ang Dugong yaon ay papatak sa Kaniyang noo, malalaking mga patak dugo ng gaya ng pawis. Alam Niya na ang lahat ng ito'y magaganap sa Kaniya. At nakatayo Siya roon sa ibabaw ng bundok, nakatanaw sa Jerusalem.

32 Ang mga tao sa araw na iyon, ang. . .kanilang pagkatawag sa araw na iyon, ay "mga taong mas mataas ang uri nang pagkarelihiyoso," namumuhi sa Kaniya. Ang mga iglesya ng panahong iyon ay namumuhi sa Kaniya at itinatanggi Siya at itinatanggi ang lahat ng mga nakikinig sa Kaniya. At kung susunod at dadalo sila sa Kaniyang kampanya, kaagad silang itinitiwalag sa samahan ng iglesya. Hindi kataka-takang sinabi

nang Kasulatan, "Naparito Siya sa Sariling Kaniya, at Siya'y tinanggap ng Sariling Kaniya." Yaong mga taong dapat na umibig sa Kaniya, mga taong dapat ay naging kasama Niya, Siya pa ang naging masaklap, pinakamasaklap na kaaway.

33 At Siya'y bumuo ng Kaniyang munting lupon mula sa kalipunan ng mga taong mahihirap, mga mangingisda, mga maniningil ng buwis, mga walang pinag-aralan. Ang sabi ng Biblia ang iba sa kanila ay mga "mangmang, at walang pinag-aralan." Ang ilan ay hindi makasulat ng kanilang pangalan. Hindi Siya kailanman nagtungo sa mga simbahan upang kumuha ng Kaniyang tagasunod.

34 At hindi Siya kailanman sumang-ayon sa alinmang mga pinuno ng simbahan. At, sa kabila niya'n, sinunod Niya ang pinaka-kalakaran ng isang propeta. Kinundena Niya ang lahat ng kanilang ginagawa, gaya nang ginawa ng nauna sa Kaniya; sapagkat sila isang ay bahagi ng Salita, at Siya ang Salita sa kapuspusan Nito.

35 Subalit sa gitna nang lahat ng iyon, sa bawat kapanahunan at sa bawat propeta na lumitaw o lilitaw pa lamang, mayroong magiging tiyak na bilang ng mga tao na nakatalagang makikinig Mensaheng iyan, at sila ay susunod Dito. Yaong hindi pinapansin ang karamihan. Hindi nila pinapansin ang critisismo ng hindi mananampalataya. Sila-—sila ay hindi nakikipagtalo sa kanila. Mayroon lamang silang isang bagay na gawin, at iyon ay ang manampalataya at kunin ang bawat bahagya Nito na kanilang magagawa, magbabad sila Rito katulad ni Maria na naupo sa paanan ni Jesus.

36 At si Marta ay naghahanda ng Kaniyang tanghalian, at sinabi ni Jesus sa kaniya, "Ngunit, Marta, ikaw ay masyadong naliligalig tungkol sa mga bagay ng buhay, datapuwat pinili ni Maria ang magaling na mga bagay," kita n'yo, ang mga bagay ng Buhay na Walang Hanggan.

37 Ngayon, makikita natin na marami sa mga taong nakaunawa . . . Wala silang mga babasahin noon gaya natin ngayon, wala silang telebisyon o mga telepono, o anuman, sa panahong iyon, subalit parang may isang simoy ng hangin na balita sa palibot na Siya ay dadalo sa paskua. Sapagkat marami sa mga tao, palibhasa'y espirituwal ang pag-iisip, nakaalam na Siya Cordero ng paskua, sapagkat sinabi na Niya sa kanila ang mga bagay na magaganap.

38 At pagkatapos, siyempre, nalalaman na Siya ay paroroon, at mahal Siya sa paraan na kanilang ginawa, sila ay naghihintay sa Kaniya. Naroon ang karamihan ng tao na marahil ay nagtutulakan, nagsisiksikan mula sa isang lagusan tungo sa kasunod, nagmamasid sa bawat daanan, sapagkat alam nila na anumang oras ay maaari Siyang magpakita. Nagbabantay sila.

39 Ang iba naman ay nagtataka kung ano ang nangyayari sa mga taong ito na nagpapalipat-lipat sa magkabilang lagusan. “Ano ba ang atraksiyon?”

40 At sila’y tumitingin sa daang *ito* at tumitingin sila sa daang *iyon*, upang abangan. Tila may hinahanap sila na kung anong bagay, na may inaabangang bagay na magaganap.

41 Oh, gaano kong nais palitan ang teksto ko ng ilang sandali at sabihin ito, na ganiyan ang nangyayari ngayon. Ang mga taong nag-aabang sa Kaniyang pagdating ay may masidhing pananabik at pag-aasam. Nararamdaman natin ito, ang pangangailangang mahigpit. At nagsasaliksik sila, nagbabantay sa bawat kilos at bawat tanda, at inihahambing iyon sa mga Kasulatan.

42 At nang makita nila ang lahat ng mga bagay na iyon na inihula sa Kaniya, hanggang doon sa huli, alam nila na malapit na ang wakas. Nais nilang silay naroon, kaya’t nagbabantay sila. Isang bahagi ng mga taong naroon ay panig sa Kaniya, ang nasa minorya. Ang iba naman ay laban sa Kaniya, ang karamihan sa kanila, siyamnapung porsiyento ay laban sa Kaniya.

43 At ganiyan din ang nagaganap sa atin ngayon sa mga relihiyon karamihan, na kapag sadyang tutungo na ito sa Salita at kay Kristo, mayroon lamang isang porsiyento ang maniniwala Ito. Ang natitirang bahagi ay hindi magbibigay pansin Dito kahit ano pa ang nagawa, magpapasa sila nang kung anong uri ng patawa o isang malakas na pagsara tungkol Dito. Sadyang ganoon din. Ang panahon, ang mga bagay ay di-gasinong nagbabago, ang kasaysayan ay nauulit lamang.

44 Buweno, nakita natin na nagdulot ito ng nakakakabang tensyon. Kailangang mangyari. Kailangang mangyari iyon. Naghihintay sila, nag-iisip sila kung ano ang gagawin Niya pagdating Niya doon. Nais nilang naroon sila upang makita ang anomang bagay na Kaniyang gagawin. Nais nila Ito. Nais nila Itong makita. Sila ay sumasampalataya sa Kaniya. Ang iba ay nakarinig na Siya ay darating, at sila’y nagtungo roon upang pagtawanan Siya. Kaya pagkatapos ng lahat ng nakakakabang paghihintay, isang hindi pangkaraniwang araw, lubhang di-pangkaraniwang panahon, natutulog ang mga iglesya, ang kaba ng mga tao ay nasa pananabik, maraming mga tao ang naroon, at pagdakay ito’y nangyari!

45 Sa tuktok ng Bundok ng Olibo ay dumarating isang maliit, puting asno na parating, na naglalakad sa burol, na may isang grupo ng mga tao na nagsisigawan na parang mga panatiko, nagsisikuha ng dahon ng palma doon sa mga puno, itinatapon nila ang kanilang damit sa daan, nagsisigawan, “Hosana sa Anak ni David na naparito sa Pangalan ng Panginoon!” Ang . . . itong munting asno, ang Nakasakay sa kanya ay walang iba kundi ang pinahiran ng Dios na Mesias ng panahon.

46 Ang Diyos, pagkatapos, ano ang Kaniyang ginagawa? Ano ba ang atraksiyon doon sa itaas ng burol? Ito'y ang Diyos na gumagawa ng kasaysayan, at tinutupad ng Diyos ang hula. At lagi iyon nakakatawag ng pansin. Humihikayat ito sa lahat ng mga kritiko, ang mga buwitre (ng Mensahe kaninang umaga), at pati na ng mga agila. Kita n'yo? Sama-sama silang nagtungo upang malaman kung ano ang nagaganap. Ang iba ay nagtutungo para mag-usyoso lamang, ang iba naman ay nagtutungo para maghanap ng kamalian, at ang iba naman ay nagtungo doon para mamintas, Naroon ang lahat ng uri na nagkatipon-tipon, gaya ng ipinangusap natin kaninang umaga: mga mananampalataya, mga nagkukunwaring mananampalataya, at mga hindi mananampalataya. Ano ang naroon sa bundok? Ang Hula ay natutupad. Ngayon tingnan natin kung ano ang mangyayari.

47 Ngayon, sa Aklat ni Zacarias, sa ika-9 na kabanata, at sa ika-9 na talata. Si Zacarias, isa sa mga propeta, ay nangusap sa Espiritu, na sinabi ito:

> *Magalak kang mainam, Oh* mga anak na babae *ng Sion; humiyaw ka, Oh* anak na babae *ng Jerusalem: narito, ang iyong Hari ay naparirito sa iyo; siya'y ganap . . . may pagliligtas; mapagmababa, at nakasakay* sa isang *anak,* sa *isang batang asno, na anak ng asnong babae.*

48 Ngayon, ano ang nangyari sa mga eskribong iyon? Ano ang nangyari sa mga saserdoteng iyon? Ano ang nangyari sa mga relihiyosong taong iyon? Ito'y naisulat apat na raan at walaumpu't pitong taon na bago iyon naganap, sa pamamagitan ng isang pinagtibay na propeta, at nailagay na ang mga ito sa mga sulat at tinawag na Biblia, ang mga balumbon ng Lumang Tipan. Bakit hindi nila makita na iyon ay katuparan ng hula? Sa gayunding dahilan na hindi nila makita ito sa ngayon. Kinuha nila ang Salita ng Diyos at ginawa Itong walang bisa sa mga tao, sa pamamagitan ng pagtuturo (ng mga tradisyon) bilang pinaka-Aral ang mga tradisyon ng tao.

49 At kung ang eskriba, mga mangangaral, mga ministro, mga taong espirituwal (naturingan), mga pinahiran, ay magbabasa lamang ng Biblia, hindi sila magtataka kung ano na ang nangyayari, malalaman nila kung ano Iyon. Tinutupad ng Diyos ang Kaniyang Salita!

50 Ang kasaysayan ay nalilikha, ang hula ay natutupad. Ang kaligtasan ay paparating sa sanlibutan, ang dakilang araw na matagal ng inaabangan ng lahat ng mga propeta. Ang lahat ng mga nasa libingan ay naghihintay sa araw na iyon. (naku, isipin n'yo ito), lahat ng mga namatay na, lahat ng mga taong matuwid ng dugo ng mga martir at mga propeta.

51 Na, kasisigaw pa lamang Niya, “Jerusalem, O Jerusalem, ikaw na bumabato ng bawat propetang isinugo Ko sa iyo, at pumapatay sa mga matuwid, gaano kadalas na nais ko kayong liliman gaya nang ginagawa nang isang inahing manok, sa kaniyang mga anak, datapuwa’t ayaw ninyo. Subalit ngayon ang araw ninyo ay dumating na.”

52 Lahat ng naroon sa libingan, si Abraham, si Isaac, si Jacob, lahat ng mga propeta, ay naghihintay sa oras na ito.

53 At ang simbahan ay bulag Dito. “Sino ba ito na lumilikha ng lahat ng ingay na ito? Sino ba ang Taong iyon?” Minsan sinabi nila, “Hindi ba’t anak iyan ng karpintero na tagarito? Kilala namin Siya. Saan kinuha ang Kaniyang karunungan? Bakit, hindi natin Siya nakikitang may kaugnayan sa alinmang mga paaralan natin. Wala kaming nalaman sa anumang aklat na kung saan Siya natuto. Sino ba Ito?”

54 Siya ang kasagutan sa hula ng mga propeta. Narito Siya’y dumarating na, nakasakay sa anak ng babaing asno. Anong gandang atraksiyon! Tinutupad ng Diyos ang ipinangako Niyang Salita, ang oras na pinakahihintay sa loob ng apat na libong taon. Sa Genesis, sa ika-3 kabanata at sa ika-15 talata, gumawa ang Diyos ng hula, “Dudurugin ng Binhi ng babae ang ulo ng serpiyente, datapuwa’t dudurugin naman ng ulo niya ang kaniyang sakong,” ang hulang iyon na nasa Biblia na inihula tungkol sa pagdating ng Lalaking ito.

55 At kamakailan lamang dito ay may isang propetang tumayo sa gitna nila, siya ay isang pinagtibay na propeta, si Zacarias, at ang sabi niya, na, “Kayong mga anak na babae ng Jerusalem at kayong mga anak na babae ng Sion, magagalak, sumigaw, humiyaw, sapagkat ang inyong Hari ay naparirito sa inyo, maamo at mababang loob at mapagpakumbaba, na nakasakay sa anak ng babaing asno.”

56 At narito ang mga taong iyon na binabasa ang Kasulatang iyon, araw-araw, pinagmamasdan Siya habang nakasakay na dumaraan, at sumigaw, “Sino ba ito?” Kita n’yo? Tinutupad ng Diyos ang Kaniyang Salita sa mga tao na dapat makilala nila kung sino Ito, subalit Ito’y hindi nila nakilala.

57 Sa tuwing tutuparin ng Diyos ang Kaniyang Salita, Ito ay palaging tumatawag ng pansin, laging ganoon. Tumatawag ito ng pansin, sapagkat hindi Ito pang karaniwan. Talagang hindi pangkaraniwan, nang Kaniyang tuparin ang Kaniyang Salita dito sa makabagong kalakaran ng panahon, ’pagkat ang makabagong kalakaran ng panahon ay hindi naniniwala Dito. Mayroon silang sariling pamamaraan.

58 Ngayon, nakita natin, at bumalik tayo sa mga Kasulatan at kunin natin ang iba pang hindi pangkaraniwang mga pangyayari, kahit sa loob ng ilang minuto pa, nang tinupad ng Diyos ang Kaniyang hula. Kapag may sinabi ang Diyos

na anumang bagay, tiyak na ito'y Kaniyang gagawin. Lahat ng langit at lupa ay lilipas, datapuwat ang Salitang iyan ay kailanma'y hindi lilipas. Kaya ito'y karaniwang gumagawa ng isang pangyayari, isang hindi pangkaraniwang pangyayari.

59 Pagmasdan kung paanong naging katawa-tawa ang Salita ng Diyos sa—sa mga tao na dapat sana'y sumasampalataya Dito, at gayunman Ito'y hindi pangkaraniwan kung kaya sumigaw sila, "Aba, ano ba ito? Saan mo pinagkukuha ang mga bagay na iyan? Sino ba ito? Ano ba ito?"

Samantalang, na dapat sila'y sumisigaw nang, "Hosana sa Haring dumarating sa Pangalan ng Panginoon!" Subalit mayroon lamang kakaunting grupo na gumagawa nito, isang maliit na grupo lamang.

Sa loob ng apat na libong taon ng hula, para sa dakilang bagay na maaaring mangyari kailanman sa bansa, sapagkat ang lahat ng pag-asa ng mga nangamatay ay nakasalalay Dito, ang lahat ng kinabukasan ay nakasandal Dito; at ang mga relihiyosong tao, na nag-aangkin na sila'y naniniwala Rito, ay nagsisigawan, "Sino ba Ito? At anong atraksiyon ito?" Isang bagay na hindi pangkaraniwan! Halos ganoon pa rin, ito'y hindi nagbabago, ngayon ay di-pangkaraniwan.

60 Tingnan natin ang ilan sa hindi pangkaraniwang bagay, gaya nang kasasabi ko lang. Ano ang atraksiyon bago pa dumating ang hatol dito sa sanglibutan at ginunaw ito sa pamamagitan ng tubig? Isang matandang tao, na nasa edad na isandaan at dalawampung taon, gumagawa nang isang daong samantalang wala namang tubig na magpapalutang dito. Naroon sa taas maraming taon na, nakatayo sa pintuan, gumagawa sa loob nito, sa loob at pinapahiran iyon ng sahing sa loob at sa labas, at sinabi, "Lalamunin ng tubig ang mundong ito," ang dakilang agham ng kapanahunan.

61 "Ano ba iyong pukpok nang pukpok doon sa itaas ng burol?" "Aba, ito'y isang matandang lalaki na nagngangalang Noe, at siya'y naroon sa itaas, isang matandang panatiko. Ang matandang lalaking ito ay nakatayo sa init ng araw ng matagal. May sakit siya sanhi ng araw. Siya ay wala sa kaniyang katinuan. At siya'y nagtatayo na kaniyang tinatawag 'na daong,' at sinasabi na ang tubig ay nagmumula sa itaas na kung saan wala namang tubig doon, at ito ang magpapalutang sa lahat ng tao sa iba't ibang dako; at ang bawat isa na hindi makikinig sa kaniyang mensahe, at ang bawat isa na hindi papasok sa loob ng daong, ay malulunod. Nakarinig na ba kayo ng ganiyang bagay?" Ito ay isang hindi pangkaraniwang atraksiyon!

62 Para kong nakikita na sa tuwing gustong matawa nang mga tao, papanhik sila noon at tatayo sa harap ng pintuan ng daong at magtatawa. "Aba, sinabi mo na uulan isang daang taon na ang nakalipas! Ang sabi nang lolo ko na narinig na ka niya rito sa

itaas na nangangaral na uulan, at hanggang ngayon ay patuloy ang pagpukpok mo sa lumang kahoy na iyan dito sa itaas. Bakit hindi ka magkaroon ng kasunod para sa iyong sarili?"

63 Subalit ito ang Diyos na naghahanda upang ng tuparin ang isang pangako at ganapin ang isang hula na sinalita ng Kaniyang propeta. Napaka pambihira! Tinutupad ng Diyos ang pangako Niya kay Noe, habang ang iba ay nagtatawa. Ang Diyos ay handa nang lumikha nang isang kasaysayan upang ipakita sa iba pa, maging sa araw na ito, na Kaniyang tinutupad ang Salita Niya! Kahit na kung ito'y mukhang hindi totoo, at hindi makatuwiran, tinutupad pa rin Niya ang Kaniyang Salita. Ginagawa Niya ito bilang isang halimbawa, mula sa matandang lalaking iyon na pukpok ng pukpok doon sa daong, para sa mga taong naririto sa Amerika ngayong gabi at sa lahat ng dako ng mundo. Kahit ano pa ang sabihin ng agham, anuman ang sabihin nila, *ganito*, *ganiyan* o at *ang iba pa*, mananatili pa rin Niyang tutuparin ang Kaniyang salita. Gumagawa Siya ng kasaysayan.

64 Ano ba ang naging atraksiyon isang araw; may isang kakaibang nangyari doon sa ilang, at ito ay isang palumpong na nag-aapoy. At isang naliligaw na propeta ay naroon nakatayo sa gitna ng ilang. Wala siyang nadidinig na anumang tinig, wala siyang nadidinig na anumang ingay, subalit siya'y nagmasid at nakita niya ang hindi pangkaraniwang bagay doon sa tuktok ng bundok. Sinubukan ng Diyos na makuha ang kaniyang pansin.Gayundin sa ngayon!

65 Naghahanda na ang Diyos na tuparin ang Kaniyang Salita, sa pamamagitan ng Kaniyang propeta na si Abraham. "Ang Iyong binhi ay maglalakbay sa ibang lupain sa loob ng apat na raang taon. At ilalabas Ko sila sa pamamagitan ng isang makapangyarihang kamay."

66 At naghahanda Siya ng isang tao na gagawa nito, gaya ng paghahanda Niyang isang daong bilang isang dakong ligtas para sa lahat na magsisisampalataya. Pinagliyab ng Diyos ang palumpong na iyon, at itong tagapangalaga ng tupa, si Moises, sinabi, "Medyo pipihit ako sa isang tabi upang makita kung ano ang ibig sabihin ng kakatwang bagay na ito." At nang Kaniyang makuha si Moises doon sa palumpong, Siya ay nangusap sa kaniya.

67 Ano ang atraksiyon ng bandang huli sa bulwagan si Pilato, nang ihagis nitong pastol ng tupa ang kaniyang tungkod at ito'y naging isang ahas? Tinutupad ng Diyos ang pangako Niya kay Moises. Ano ba ang naging atraksiyon doon sa Patay na Dagat, nang mamangha ang lahat ng mga kabayo ni Faraon, nang makita nila ang hangin na bumababa mula sa kalangitan at hinawi ang Dagat na Pula mula sa kanan hanggang sa kaliwa; at ang abang lupon ng mga alipin, lumalakad sa gawain ng Diyos, lumalakad sa tuyong lupang iyan? Ano ba ito? Tinutupad

ng Diyos ang Kaniyang Salita. Ang kamatayan ay lumayo, ang isang buhay bayan ay nakatawid; at may isang bayang patay sa espirituwal ang nagtangkang gumaya nito, at nalunod. Tinutupad ng Diyos ang hula at gumagawa ng kasaysayan. Iyan ang atraksiyon doon sa Patay na Dagat.

68 Ano ang atraksiyon ng ikalawang araw pagkatapos niyon, sa Bundok ng Sinai, nang utusan ang lahat ng tao na huwag sumiping sa kani-kanilang mga asawa, utusan sila na labhan ang kanilang mga damit at pakabanalin ang kanilang mga sarili, at magtipon sa palibot ng isang bundok kung saan may isang tao na nagngangalang si Moises ay nagsabi na nakatagpo niya ang Diyos sa isang Haliging Apoy? At ang sabi ng Diyos kay Moises, "Bababa Ako sa kalagitnaan ng mga tao. Patutunayan Ko kung ano iyong sinabi Ko sa iyo, at kung Sino Ako. Ipakikita Ko sa kanila na Ako ang Diyos na iyon." Iyan ang atraksiyon, tinutupad ng Diyos ang Kaniyang Salita.

69 Ano ang atraksiyon isang araw sa kasaysayan, kung saan nalimutan ng isang bansa ang Diyos, kung saan ang mga tao ay naging pormal at walang malasakit, kung saan ang mga saserdote ay nadalang lahat sa makabagong kalakaran, ang mga propeta ay nagsipanghula ayon sa kalooban ng mga saserdote? At ng araw na iyon, gaya ng dati, mayroong silang isang lalaki doon na iniisip nilang isang panatiko. Nangungusap siya tungkol sa mga babaing nagpipintura ng mukha, at lahat na, at siya ay isang uri ng kakaibang klase ng lalaki. At ang matandang lalaki ito ay bumaba at sinabi sa hari, "Ni maging ang hamog ay hindi tatawagin . . . darating hanggang sa ito'y aking tawagin."

70 At nakita natin, pagkatapos, na ikinubli niya ang kaniyang sarili at tumakas mula rito, at siya'y nagtago sa ilang sa kung saan. Inakala ng karamihan na marahil ay namatay sa gutom o napahamak; subalit siya'y pinapakaing mabuti at pinainom, din.At heto na siya, bumaba at ang sabi, "Natalastas ba ninyo na ako ay may GANITO ANG SABI NG PANGINOON? Ngayon, kung hindi pa rin kayo kumbinsido, umakyat tayo doon sa tuktok ng bundok at patutunayan kung sino ang Diyos," sapagkat mayroon siyang panibagong pangitain mula sa Panginoon.

71 Ang sabi niya, "Mamili kayo ng—ng altar, at buuin ito, at—at mamili ng baka at paslangin sila. Magtatayo rin ako ng altar para sa Panginoon, at maglalagay din ako ng baka sa akin. At kapuwa tayong gagawa ng pag-aalay, at hayaan ang Diyos na sagutin iyon ng Diyos." Hindi niya gagawin ang mga ito kung hindi sinabi sa kaniya ng Panginoon; sinabi niya iyon ng matapos na, "Ginawa ko ito sa . . . lahat ng ito, ayon sa Iyong ipinag-uutos, Panginoon."

72 Subalit ano ba ang atraksiyon? Naroon ang apat na raang saserdote na nakatayo sa burol, at naroon ang hari

na nakasakay sa kaniyang karo, nakasuot lahat ng kaniyang baluti at mga bantay na nakapalibot. At ang matandang lalaking ito, na mabalahibo, lalaking kukubot-ang mukha-kung tingnan, panot ang ulo, at nakalawit ang buhok sa kaniyang mukha, nakabalabal ng balat ng tupa sa buong katawan niya, at malahibo ang buong katawan, nakatayo roon hawak ang isang tungkod sa kaniyang kamay, at sa kabilang kamay ay hawak niya ang isang bote ng langis; na kasasabi, bago ang pangyayaring ito tatlong taon at kalahati na ang nakalipas, "Ni maging hamog ay hindi babagsak hanggang sa tawagin ko ito, ang mga ito," kinuha ang lugar ng Diyos, na may kasing-uri tulad ng mga sinag sa ulo at mga anino, at lahat ng pinag-uusapan nila. "At narito ang matandang panatiko na nakatayo doon sa burol, na dinala ang lahat ng tao doon sa itaas." Ano ba ang atraksiyong iyon? Ito ang Diyos na nakahandang pagtibayin ang Kaniyang propeta upang maging tama. Ito ang Diyos na tinutupad ang hula. Gumagawa rin ang Diyos ng kasaysayan, tinutupad ang Salita.

73 Mga ilang daang taon pagkatapos niyon, may isang lalaki na pinahiran ng siya ring Espiritu, at siya'y nagmula sa ilang, na walang ugnayan sa anumang mga organisasyon; bagaman na ang kaniyang ama ay isang tao ng organisasyon; isang saserdote sa hanay. Datapuwa't nagmula siya sa ilang, nakasuot ng isang balat ng tupa sa buong katawan, nakasabog ang buhok sa kaniyang mukha. Sa halip na ang kulay niyon ay abuhin, ito ay kulay itim. Ano ba ang atraksiyon nitong lalaking ito na umakit sa buong Jerusalem at Judea? Ang iba sa kanila ay lumabas at nagsasabing, "May mabangis na lalaki roon. Kaniyang pinipilit na ilubog ang mga tao sa tubig. Sino nga ba ang nakarinig na ng ganiyang bagay katulad niyon?"

74 Ang iba naman ay nag-uusyoso, at sinasabi, "Marahil ay ito na ang Mesias." Ang isa sa kanila ay nagsabi, "Maaaring isa ito sa mga propeta." Hindi nila malaman kung ano ang iisipin. Subalit ano ba iyon? Ito ay ang Diyos na tinutupad ang Isaias 40, kung saan Kaniyang sinabi, "Narito . . . " ano ang Kaniyang gagawin sa mga huling araw, paano Niya isusugo ang Kaniyang lingkod at ano ang kaniyang gagawin.

75 Pagkatapos ating nakita, ilang linggo pagkatapos niyon, na ang taong yaon na napakapositibo positibo sa kaniyang mensahe, hanggang sa kaniyang sabihin, "May Isa na nakatayo sa gitna ninyo, Na kahit pangyapak ay hindi ako karapat-dapat magdala. Babautismuhan Niya kayo sa Banal na Espiritu at Apoy, na kung paanong nagbautismo ako sa tubig."

76 Isang araw may isang karaniwang, batang Lalaki, mga tatlumpong taong gulang, lumusong at binautismuhan. At nang ang Taong ito ay dumating, mayroong ng kakaibang atraksiyon sa propeta, kumilos ang propeta ng kakaiba ng araw na iyon. Hindi maiwasan ng mga tao na panoorin ang kilos ng propetang

iyon nang siya ay nakikipagtalo sa mga saserdote sa kabila ng ilog.

77 Kanilang sinabi, "Ang Diyos ang gumawa ng altar na ito. Sinabi sa amin ng Diyos na gawin ito. Si Moses ay propeta. Naniniwala kami kay Moses. Ang hain ay hindi kailanman mawawala."

78 Naririnig ko ang pagsagot ni Juan, ang sabi, "Hindi n'yo ba nababasa sa Kasulatan kung ano ang sinabi ni Daniel ang propeta, 'Ang pang-araw-araw na hain ay lilipas'? At ang oras na iyon ay dumating na! Hindi ba ninyo nababasa kung ano ang sinabi ni Isaias sa kabanata 40, 'Ang tinig ng isang sumisigaw sa ilang, ihanda ang daraanan ng Panginoon'? May dalawang hula para sa akin. At isang bagay pa, hindi n'yo ba nakikilala ang ating propeta apat na raang taon na ang nakalipas, Makalias, nang nangusap siya sa ikatlong kabanata na sinasabi, 'Narito, sinusugo Ko ang Aking mensahero sa harap Ko, upang ihanda ang daan'? Hindi ba ninyo alam na tinutupad nito ang hula?" Ang hula ay nagkaroon ng katuparan!

79 At sa pagkakataong iyon ay lumingon ang propeta at sinabi, "Narito, dumarating na ang Cordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan!" Ngayon ano ang atraksiyon? Ito ay nagbago mula sa propeta tungo sa kaniyang hula.

80 Ngayon pansinin kung ano ang mangyayari. Narito na ang isang ordinaryong Tao, walang sinumang nakakakilala, anak ng isang karpintero, na umahon mula sa tubig. Nang si Juan, ang dakilang propeta, nagsabi, "Kinakailangan ko na ako'y Iyong bautismohan. Bakit Ikaw ang pumarito sa akin?"

81 Kaniyang sinabi, "Payagan mong maging gayon iyan. Subalit, bilang isang propeta at ang Salita, ito'y kailangan natin upang matupad ang lahat ng katuwiran."

82 Kaya kaniyang naunawaan na ang Alay ay kailangan munang mahugasan bago ihandog, at kaniya Siyang binautismuhan.

83 Ngayon mayroon pang ibang atraksiyon ang naganap ng Siya ay umahon mula sa tubig. Ang propetang ito na naging matapat na ipahayag ang kaniyang kapanahunan at oras, siya'y tumingala at kaniyang nakitang bumukas ang kalangitan. Nakita niya ang Espiritu ng Diyos, tulad sa isang kalapati, na bumababa sa Kaniya, at isang Tinig ang nagsabi, "Ito ang sinisinta Kong Anak na Siya Kong lubos na kinalulugdan." Pinagtitibay ng Diyos ang mensahe ng isang propeta, na siyang nagbigay umakit sa atensiyon doon sa Jordan.

84 Isang kapatid na lalaki ang umawit kanina lang, o dapat siya ay aawit, "Doon sa malayong burol ay nakatayo ang lumang krus." Ano ang atraksiyon sa Bundok ng Kalbaryo? Nang makita natin na hinatulan Siya ng relihiyosong mundo, at ang pamahalaan ng Romano ay hinatulan Siya ng kamatayan. At

narito nakabayubay Siya sa pagitan ng dalawang magnanakaw, nauuhaw sa inumin, ang Dugo ay umaagos sa Kaniyang katawan. Naroon Siya'y nakabayubay, sumisigaw, "Diyos Ko, Diyos Ko, bakit Mo Ako pinabayaan?" At ang mga relihiyosong tao na nakatayo roon, na nakamasid sa rito, bahagya ang kanilang nalalaman na ang hula sa Lumang Tipan ay kasalukuyang nagaganap doon mismo sa Kalbaryo nang panahong iyon.

85 Si David mismo ay sumulat, kumilos. . . napasa Espiritu katulad ng lahat ng mga propeta, siya'y kumilos na parang siya iyon. Sumigaw si David, sa ika-22 kabanata ng Mga Awit, "Diyos Ko, Diyos Ko, bakit Mo Ako pinabayaan? Lahat ng Aking mga buto sila'y nakatitig sa Akin. Kanilang tinulos ang Aking mga kamay at ang Aking mga paa." Nangungusap si David, na parang siya iyon. At hindi si David iyon, ito ay si Cristo na nakay David.

86 At narito ang pinakahula na lumabas, ng lahat ng ibat-ibang mga propeta, ay nagkakaroon ng katuparan doon sa Bundok ng Kalbaryo. Ano ang atraksiyon doon sa Bundok ng Kalbaryo? Tinutupad ng Diyos ang Kaniyang Salita.

87 Ang isa pang atraksiyon ay doon sa isang bundok, ay noong Araw ng Pentecostes, nang silang lahat ay naroon sa itaas sa isang banal na pista, inakala nila na nalipol ng lahat ang mga panatiko. Wala na silang naririnig mula sa kanila sa loob ng sampung araw. Nang bigla na lamang, tulad sa isang bahay-pukyutan, nagkagulo sila roon sa itaas ng gusali, lumabas sa mga lansangan, na naghihiyawan at nagpapatuloy.

88 "Ano ba ito? Ano ang ibig sabihin nito? Lasing ba ang lahat ng mga taong ito?"

89 Masdan! At isang propeta ang tumayo sa gitna nila, na ito ay dapat ayon sa katawagan ng isang propeta, at sinabi, "Kayong mga lalaking taga Israel, at kayo na nananahan sa Judea, sa Jerusalem, kailangang malaman ninyo ito, at pakinggan ang aking sasabihin. Hindi sila mga lasing katulad ng inyong inaakala. Subalit ito yaong ipinangusap ng Panginoon sa pamamagitan ni Joel, na propeta, 'Mangyayari na sa mga huling araw, Aking ibubuhos ang Aking Espiritu sa lahat ng laman.'" Iyon ang atraksiyon.

90 Ang mga taong relihiyoso, pagkatapos maipako ang Prinsipe ng Buhay, at lahat, nanatili pa ring hindi nakita ang pangako ng pagdating ng Espiritu Santo. Ang atraksiyon, "Sino ito? Ano ang ibig sabihin nito? Ano ang nangyayari sa mga taong ito?"

91 Oh, naku! Ganito rin sa araw na ito. Lalaktawan natin ang marami sa mga ito upang madala ito sa oras na ito. Ganito rin sa araw na ito. Ganito ring bagay ang nagaganap. Gayunding katanungan ang itinatanong. "Anong panloloko ang lahat ng iyon?" Lumingon sa palibot ng kalsada, mga sasakyan mula Michigan hanggang Florida, mula Maine hanggang California.

Nitong umaga nang ako ay nakasakay, o kanina pagkatapos ng katanghalian, habang kami'y nasa kalsada bumabiyahe, ako at ang aking asawa ay nakatingin sa lisensiya ng mga sasakyan. Doon naggaling ang naisip ko sa aking teksto ito.

"Ano ang ibig sabihin nito?"

92 Gaya nang sinabi Nito, "Kung nasaan ang Katawan ng hayop, ay doon nagkakatipon ang mga agila."

93 Sinabi ko sa aking maybahay, "Honey, naaalala mo ba noong nakaraang gabi nang aking sabihin paalam sa lahat ng bagay na napamahal sa akin dito sa lupa, at pumaroon doon sa bukirin upang pasimulan ang isang bagay na sinabi ng Diyos na gawin? Inaawit mo ang awiting iyon."

> Oh, Sila'y nagmula sa Silangan at Kanluran,
> Sila'y nagmula sa malayong lupain,
> Upang makipagpista sa ating Hari, upang mananghalian bilang Kaniyang panauhin;
> Napakapapalad nitong mga manlalakbay!
> Para pagmasdan ang Kaniyang banal na mukha
> Na nagliliwanag ng Makalangit na pag-ibig;
> Mapalad na naging kabahagi ng Kaniyang biyaya,
> Katulad ng alahas sa Kaniyang korona na nagniningning.

94 Iyon ang kung ano ang atraksiyon. Ang predestinadong Binhi ng Diyos na walang ibang magagawa kundi ang sumunod Dito, nangangahulugan ng higit pa sa buhay sa atin. Kunin ang aming buhay, subalit huwag ninyong kunin Iyan. Ano ang atraksiyon? Ang Diyos, tulad ng dati, ay tinutupad ang Kaniyang Salita. Kaniya muling tinutupad ang Salita ni Zacarias, ang propetang si Zacarias.

95 Kung saan binasa ko ang ika-9 na talata kanina lamang, nang pumasok si Jesus sa Kaniyang templo, nakasakay. . . o pumasok sa Jerusalem, nakasakay sa isang munting, puting asno, ang hula ay natupad na sinabi ni Zacarias. Narito Ito, "Magalak kang lubos, O mga anak na babae ng Sion. Sumigaw, O anak na mga babae ng Jerusalem. Narito, ang inyong Hari ay dumarating sa inyo; Siya ay matuwid, at may dalang kaligtasan; mapagpakumbaba, nakasakay sa isang asno, at sa isang lalaking asno na anak ng babaing asno." Iyon ang atraksiyon na naroon sa Jerusalem, sa punong himpilan.

96 Ngayon makikita natin ang nagaganap sa huling-araw! Magbuklat tayo ng ilang pahina, sa Zacarias, at tingnan kung ano ang sinabi niya tungkol dito. Tunghayan natin ito minsan pa sa mga huling araw. Iyon ang gitnang kapanahunan; tunghayan natin ngayon sa mga huling araw. At ating buksan sa Zacarias, sa ika-14 na kabanata, at simula sa ika-4 na talata. At makinig!

At babasa tayo pababa sa isang bahagi ng Kasulatan, mga siyam na talata, mula 4 hanggang 9. Makinig ng mabuti. At ito'y nanghuhula sa Kaniyang Pagdating, ang mga huling araw.Makinig ng maigi ngayon. Ito ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Ito'y ang mga Kasulatan, Zacarias 14. Naalala ninyo ang Zacarias 9, kung ano ang sinabi Nito? At hindi nila Ito nakilala. Ngayon ano ito sa araw na ito? Zacarias 14, nangungusap sa Kaniyang Pagdating.

> *At ang kanyang mga paa ay magsisitayo sa araw na yaon sa bundok ng mga Olibo,* muli, *na nasa tapat ng Jerusalem sa dakong silanganan,* at *ang bundok ng mga Olibo ay mahahati sa gitna niya,* sa dakong *silangan at* sa dakong *kanluran, at magiging totoong malaking libis;. . . kalahati ng bundok* ay malilipat sa dakong hilagaan, *at ang kalahati . . .* sa dakong *timogan.*
>
> *At kayo'y magsisitakas sa libis ng aking mga bundok; sapagkat ang libis ng mga bundok ay magsisiabot* hanggang *sa Azel: oo, kayo'y magsisirakas, gaya nang* kayo'y *tumakas mula sa lindol nang mga* kaarawan *ni Uzzias* na *hari* ng *Juda:. . .*

97 Isa na namang lindol na magpapabuka at magpapahiwalay sa lupa! Kung nais ninyo na masundan ang Kasulatan dito, pansinin dito sa ika-5 talata, ito'y patungkol na ang pagkahati ng Bundok ng mga Olivo ay sanhi ng isang lindol, at pinagtibay ito ng Isaias 29:6 at Apocalipsis 16:9. Sadyang tama! Ano ito? Ang siya ring propeta na nagsabi tungkol sa una Niyang pagpaparito, nakita ang Kaniyang ikalawang Pagdating. Pansinin, "Kung paanong sa mga kaarawan ng lindol." Pagmasadan kung ano ang ginagawa ng mga lindol. Pagmasdan ang mga hula tungkol sa kanila?

> *. . . at ang Panginoon* ninyong *Dios ay darating, at ang lahat na banal na kasama* niya.
>
> *At mangyayari sa araw na yaon,* (Aleluya) *sa araw na yaon, na hindi magkakaroon ng liwanag, at ang mga nagniningning ay uurong:*
>
> *Ngunit magiging isang araw* sa*. . .isang araw na Kilala sa Panginoon, hindi araw, at hindi gabi: ngunit mangyayari, na* ang *gabi ay magliliwanag.* (Oh Diyos!)

98 "Na Magliliwanag sa bandang gabi," siya ring propeta. At ang mga tao ay bulag! Ano ang atraksiyon? Bumasa pa tayo ng dalawa pang talata.

> *At mangyayari sa araw na yaon, na* ang *buhay na tubig ay* masisibalong *mula sa Jerusalem; kalahati niyao'y sa* dakong *dagat silanganan, at kalahati . . .* niyao'y sa dakong *dagat kanluran:* sa *tag-init at. . .sa tagginaw mangyayari.* (Ang Ebanghelyo ay lalaganap; kapuwa sa Hudyo at Gentil.)

> *At ang Panginoo'y magiging hari sa . . . lupa; sa araw na yao'y,* magiging *ang Panginoon ay isa, at ang kaniyang pangalan ay isa.*

> Magliliwanag sa oras ng gabi, (tama)
> Ang daan Kaluwalhatian ay tiyak iyong matatagpuan:
> Sa daanang tubig, ang siyang Liwanag ngayon,
> Nailibing sa mahalagang Pangalan ni Jesus
> Mga bata at mga matatanda, magsisi sa lahat ng inyong mga kasalanan,
> Ang Banal na Espiritu ay tiyakang papasok;
> Ang panggabing Liwanag ay dumating,
> Ito ay isang katotohanan na ang Diyos at si Cristo ay Iisa.

Nakita ba ninyo kung nasaan na tayo?

> Mga bansa'y nangawawasak, ang Israel ay nagigising,
> Ang mga tanda na inihula ng ating mga propeta;
> (ang lindol na iyon sa huling kapanahunan ay para sa mga Gentil)
> Bilang na ang araw ng Gentil, na may mga kahirapang nakakapanlumo;
> Magbalik, O nagkawatak-watak, sa inyong sarili.

99 Kayo na mga naitakwil, at ang mga tipang ito ay naisakay sa bagong mga karo, lumayo na kayo riyan bago pa kayo tamaan ng kamatayan. Pinagtibay Ito ng Diyos. Ito kailangang maging gayon.

100 Ating tunghayan ang isa pang Kasulatan sa Lumang Tipan, sa Malakias ika-4 na kabanata, at basahin natin ang maiksing, ka-apat kabanatang iyon.

> *. . . narito, ang araw ay dumarating, na nagniningas na parang hurno; at ang lahat ng palalo, oo, . . . ang lahat ng nagsisigawa ng kasamaan, ay magiging parang mga dayami: . . .*

101 Ngayon, hindi ito . . . Iyon ay Malakias 3, ang unang pagparito, ngayon narito ang kasunod na pagparito. Maging si Doktor Scofield dito, ako'y tiyak at hindi sasang-ayon sa kaniya sa kaniyang mga talababa, subalit ang kaniyang pagkakahanay rito ay tama. "Ang komisyon kay Juan," sa Malakias 3; at, "Ang ikalawang Pagparito ni Kristo," at si Elias na tagapanguna. Tama.

> . . . at ang lahat ng palalo *ay* masusunog, *sabi ng Panginoon ng mga hukbo*, na *anopat hindi magiiwan sa kanila ng kahit ugat ni sanga man.* (Nasaan ang "Wala Hanggan" na impiyerno kung gayon?)

*Ngunit sa inyo na nangatatakot sa aking pangalan ay* sisikat *ang Araw ng katuwiran na may* mga gawaing *kagalingan, sa kaniyang mga pak-pak;...* kayo'y *magsisilabas, at magsisiluksong parang guya mula sa silangan.*

*At inyong yayapakan ang masasama;...sila'y magiging abo sa ilalim ng talampakan ng inyong mga paa* sa *kaarawan na aking gawin, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo.*

*Alalahanin...ang kautusan ni Moises na aking lingkod, na aking iniutos... sa kaniya sa Horeb para sa buong Israel,...ang mga palatuntunan at* kahatulan.

102 Narito ang pagparito ni Elias.

*Narito, aking susuguin sa inyo si Elias na propeta...*

103 Ang pangwakas ng Kasulatan ng Lumang Tipan!

*...aking susugin sa inyo si Elias na propeta bago dumating ang dakila at kakilakilabot na kaarawan ng Panginoon.*

104 Ngayon, hindi maaaring iyon ay si Juan. Hindi. Kita n'yo, hindi nasunog ang sanlibutan noon at nilakaran ng matutuwid ang mga masasama. Kita n'yo? Hindi, hindi.

*...bago dumating ang dakila at kakila-kilabot na kaarawan ng PANGINOON:*

*At kaniyang pagbabalikingloob ang* mga *puso ng mga ama sa mga anak, at ang puso ng mga anak sa kanilang mga magulang; baka ako'y dumating at saktan ko ang lupa ng sumpa.*

105 Pansinin ninyo ang ganap na kawastuhan ng Espiritu Santo, na Ito'y hindi magdudulot sa kanila ng pagkalito sa dalawang pagparito ni Elias. Malakias 3, ang sabi, "Narito, Aking isinugo ang Aking mensahero sa Aking unahan." Si Jesus ay tinanong tungkol kay Juan; Kaniyang sinabi, "Kung matatanggap ninyo ito, ito ay yaong ipinangusap ng propeta, 'Aking isinugo ang Aking mensahero sa Aking unahan.' Ito'y si Elias na darating." Malakias 3.

106 Pagmasdan ito'y wastong-wasto na ibinigay ng Kasulatan. Pagmasdan kung ano ito... upang maipakita ang... sa kanila na nais na manampalataya, sa kanila na nais na makakita. Tandaan, si Jesus ay tumigil sa kalagitnaan ng Kasulatan, pagkat ang bahagi nito ay natupad na noon pa, at ang natitirang bahagi ay para sa Kaniyang ikalawang Pagparito? "Upang ipangaral ang kaayaayang taon ng Panginoon, at upang gamutin ang mga sugatang puso." at huminto; hindi "magdala ng kahatulan sa Gentil" hanggang sa Kaniyang ikalawang Pagparito.

107 Pagmasdan itong Kasulatan na naririto ay katugma diyan. "At siya, si Elias, papagbabalikingloob ang mga puso ng mga ama sa mga anak." (Ngayon kung pag-uusapan ang Malakias 4, hindi paghaluin ito, o Malakias 3.) Si Juan, si Elias, na dumating sa mga kaarawan bago ang unang pagparito ni Cristo, isinauli niya ang mga puso ng mga matatandang amang patriyarka sa mensahe ng mga anak, ang bagong mensahe.

108 Ngayon pagmasdan. "At ang mga puso ng mga anak sa kanilang mga magulang." Sa kaniyang ikalawang pagparito, sa mga huling araw, kaniyang ipapanumbalik muli ang apostolikong Pananampalataya. Nakita n'yo kung gaano kasakdal ang pagkakahanay ng Kasulatan?

109 Iyon ang wakas ng Lumang Tipan, ang Lumang Tipan. Ngayon nakita natin na may Liwanag sa panahon ng gabi. Ano ba Ito? Ito na ang tuktok, Bundok ng Punong tuktok.

110 Gaya nang sinabi ko kaninang umaga, lumabas tayo sa pamamagitan denominasyon, sa mga (hindi sa puno ng orange) katulad ng ipinangusap ko kaninang umaga, na tayo ay mayroong bunga ng ubas, mga lemon, at lahat na ng uri nang iba pang mga bagay na hindi katulad sa pasimula pa. Subalit pagkatapos. . .Huwag ninyong palampasin Ito. Narito dumarating Ito. Pagkatapos ng lahat ng mga denominasyon na maglaro na lamang, sila'y walang anomang Liwanag sa simula pa, magkakaroon ng isang araw na hindi matatawag na araw o gabi.

111 Ano ang kanilang ginagawa? Ano ang kanilang ginagawa? Ano ang ginagawa ng isang—isang lemon doon sa puno ng orange? Kinakailangan nito ang orihinal na buhay ng orange na lumalabas at inililhis ito sa isang lemon. Ganiyan ang ginawa ng mga denominasyon sa Salita ng Diyos, ginawa nilang walang bisa ang Salita ng Diyos sa pamamagitan ng kanilang mga tradisyon. Iyan ay GANITO ANG SABI NG ESPIRITU NG PANGINOON. Nagbubunga sila ng mga lemon, mga suha, hindi mga orange.

112 Subalit ano ang sinabi ng propeta? Yaon ding isang nagsabi para sa ating teksto ngayong gabi, "Mangagalak kayo, O mga anak na babae ng Jerusalem, sumigaw ng malakas, mga anak na babae ng Sion, sapagkat ang inyong Hari ay paparito sa inyo, maamo at mapagpakumbaba, nakasakay sa anak ng babaing asno," pagmasdan yaon ding propeta ang nagsabi, "Darating ang isang panahon ng pagpapahinog." Ang araw ay pinasisikat sa ibabaw ng lupa upang hinugin ang bunga. Bakit hindi iyon nahihinog? Walang bunga roon na dapat mahinog. Subalit ang Buhay ay nananatili sa pagsulong.

113 Ito'y nagbunga ng isang suha, upang maging isang orange, nasumpungan natin na ito'y nag-organisa; isang suha ito. nagpatuloy muli ito, at ang lumabas panahong na iyon ay

isang lemon. Ito'y muling nagpatuloy, ito'y nagbunga ng iba pa. At sa pinakahuli, pinakadulo puno, naging isa itong tangelo, na kalahating orange, kalahating lemon; isang pinaghalong lahi, isang bagay na niliko; nagpatuloy sa isang kalikuan, na nabubuhay sa iisang punong iyon; ang ipa, "halos madadaya ang Hinirang." kahawig ng isang orange, subalit ito'y hindi.

114 "Subalit magkakaroon ng Liwanag," kapag ito'y lumaki at lumampas sa organisasyon. Kapag siya'y lumabas sa isang-nakalipas na organisasyon, muli itong mamumukadkad, siya'y magbubunga ng mga orange gaya nang una nang siya'y maitanim sa lupa, at kung magkagayon ay magkakaroon ng Liwanag.

115 Anong atraksiyon ito; ano itong nangyayari? Natutupad ang Salita ng Diyos. May dalawang saksi sa Lumang Tipan, na ito'y magaganap.

116 Tunghayan natin ang Juan 14:12, ng Bagong Tipan, ang sabi ni Jesus.

> . . .*Ang sa akin ay sumasampalataya, ay gagawin din naman niya ang mga gawang aking ginagawa;*. . .

117 Gayundin, sa Lukas 17:22 hanggang 30, Kaniyang sinabi.

> Kung paanong sa mga kaarawan ni Lot, bago sunugin ang Sodoma, gayundin naman ang mangyayari sa pagbabalik ng Anak ng tao, *sa araw* na iyon *kapag ang Anak ng tao* ay *nahayag*.

118 Oh, tingnan lamang ang mga Kasulatan! "Ang Anak ng tao," Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at kailanman, lumago ng lampas sa mga denominasyon, lumago hanggang sa itaas ng Puno. Ano ang Kaniyang sinabi sa Juan 14, o 15? "Ang bawat sanga na nakahugpong sa Akin, na hindi nagbubunga, ay aalisin at putulin, itapon sa apoy at sunugin. Subalit ang bawat sanga na nagbubunga, ay lilinisin lubos."

119 Oh, magkakaroon ng tunay na una at huling ulan sa mga huling araw sa munting grupong iyan na sumunod sa Kaniya dito munting na asno, mababa at maamo, walang din-. . .o denominasyon, na sumisigaw, "Hosana sa Haring dumarating sa Pangalan ng Panginoon!" Anong nangyayari ngayon? Ano ang atraksiyon doon sa bundok?

120 Hindi pa gaanong katagalan, nakatayo sa pulpitong ito, sinabi ito ng Espiritu Santo, "Darating ang araw na kapag magbabaon sila ng tulos sa harapan ng iyong bahay; kanilang aalisin ang iyong tarangkahan. Kaya nga, na, palalampasin mo iyon, hindi nagagalit" Nakita ko ang aking tarangkahan na wasak at itinabi sa gilid ng burol. Nakita ko ang burol sa harapan ko, na puro hukay, mga tabla at mga bagay na nakakalat doon na kung saan may nagdurog dito. Kaniyang sinabi . . .

Ako'y tumingin, at naroon ang isang munting Ricky na pumanhik doon winasak yaong tarangkahan, ginawa ito. Ang sabi ko, "Bakit hindi mo sinabi sa akin?" Niyamot niya ako, at kailangan kong suntukin siya. At nang ito'y nangyari, ang sabi ko, "Hindi ko pa nagagawa ito simula pa nang ako ay nasa ruweda, subalit nais ko lang na malaman mo," at akin siyang hinampas ng isang beses. At nang siya'y aking mapabagsak, akin siyang muling itinayo at muli siyang pinabagsak. Dinampot ko siya, tatlo o apat na beses, pagkatapos tinadyakan siya papunta sa burol. Kaya ako'y nagtungo roon, at sinabi ko "Ito ay hindi tama." At aking dinampot siya at kinamayan ang kaniyang mga kamay, sinabi ko, "Hindi ako nagagalit sa iyo, subalit nais ko lang na malaman mo na hindi ka puwedeng makipag-usap sa akin tulad niyon."

At pagkatapos ng ako ay lumingon at nagbalik, ang Espiritu Santo ay nakatayo roon sa tarangkahan, ang sabi, "Ngayon palampasin mo ito. Kapag yaong tulos ay ibabaon na, bumaling sa kanlurang bahagi."

> Ang Aklat na ito, lahat na aking pangangailan,
> Ang Aklat na ito ay magandang Resipe,
> Ang daan na nagtuturo para makaiwas ako sa
> gulo. Amen!

121 At ang Aklat na iyon ay ang Salita, at ang Salitang iyon ay Diyos. Palagpasin ang inyong mga pag-aalala, sasabihin Nito sa inyo kung ano ang gagawin.

122 Makalipas ang tatlong taon ako'y nakabalita na ang isa kong kaibigan, surveyor ng lungsod, nakatira doon sa ibabang eskinita mula sa amin, nagbabaon ng tulos. Ako'y nagtungo roon at sinabi, "Anong nangyayari, Mud?" Anak ni Ginoong King, personal kong kaibigan.

Ang sabi, "Billy, kanilang paluluwagan ang kalsadang ito."

123 Naalaala ninyong lahat. Sinabi ko, "Marahil ito ay ang tulay." Sinabihan ko si Kapatid na Woods, sinabi ko, "Huwag munang galawin ang pag-aari mo. Maaaring yaong tulay ay umabot hanggang dito, anuman." Ang eskinita ay winasak; ang mga laryo, ang mga bato, ay nagkalat sa lahat ng dako. Kaya kaniyang sinabi. . . Sinabi ko, "Huwag munang galawin ang iyong pag-aari." Pagkatapos nang ako . . .

Sinabi sa akin ni Ginoong King na ito'y mangyayari.

124 Pumasok ako, sinabi ko sa aking asawa na nakaupo roon, "Honey, mayroong isang bagay na nakasulat tungkol dito. Ito ay ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON, kung saan."

125 Pumasok ako at kinuha ko ang aking aklat, tiningnan ito, at ang sabi nito, "Ito'y magaganap . . ." Walong taon ang nakalipas!

126 Pagkatapos nang ito'y aking tingnan, sinabi ko, "Ito'y oras na, honey, kailangang magtungo na tayo sa kanluran."

127 Dalawang araw pagkatapos niyon, nakatayo sa kuwarto mga bandang alas-diyes isang umaga, napasa Espiritu ako ng Diyos. Nakita ko yaong munting grupo ng mga kalapati na lumilipad, minasdan ang mga maliit na ibon na iyon. Natatandaan n'yo ito. Nakakita ako ng pitong Anghel sa hugis ng isang piramid, mabilis papalapit sa akin. Ang sabi, Magtungo sa kanlurang bahagi, pumunta sa Tucson, na apatnapung milya sa hilagang-silangan. At magtatanggal ka ng amorseko," o bullheader, iyon ang tawag nila roon, "mula sa iyong damit."

128 Si Kapatid na Fred Sothmann, na nakaupo banda doon na nakatingin sa akin mismo ngayon, ay naroon nang umagang iyon. Nakalimutan ko na ang tungkol doon.

129 Ang sabi ko, "May isang malakas na pagsabog ang dumating na parang isang lindol, na yumanig halos lahat ng bagay na naroon sa lalawigan. Hindi ko makita kung paano ang isang tao ay makaligtas dito." Natakot ako. Nasa sa Phoenix ako, kayong lahat na nakikinig ngayong gabi na sumaksi sa akin. Nangaral ako na sermon tungkol sa, *Mga Ginoo, Anong Oras Na Ba?* "Nasaan na ba tayo?" Nagtungo ako sa Kanluran. Marami sa inyo ang naririto na mayroon teyp na iyon, marami sa inyo ang naririto ang nakarinig sa sinabi nito, taon o higit pa bago ito nangyari.

130 Natungo ako sa Kanluran, nag-iisip kung ano ang maaaring mangyari. Isang araw may tawag ako mula sa Panginoon. Sinabi ko sa aking maybahay, ang sabi ko, "Honey, ako'y . . . marahil ang gawain ko ay tapos na." Hindi ko alam. Ang sabi ko, "Ako . . . ang Diyos, marahil tapos na ang Diyos sa akin ngayon at makakauwi na ako sa Tahanan. Lumakad ka na at dalhin mo si Billy, dalhin mo ang mga bata. Ang Diyos ay gagawa ng paraan para sa iyo, sa anuman. Lumakad ka at mamuhay ng totoo sa Diyos. Tiyakin na ang mga bata ay makapagtapos sa pag-aaral, at palakihin silang may pagpapaalala sa Diyos."

Ang sabi niya, "Bill, hindi mo—hindi mo alam kung totoo iyon."

Ang sabi ko, "Hindi. Subalit hindi makaliligtas ang tao riyan."

131 Isang umaga ginising ako ng Panginoon, at sinabi, "Magtungo roon sa Sabino Canyon." Dinala ko ang at ang aking Biblia isang pirasong papel.

Ang sabi ng asawa ko, "Saan ka pupunta?"

Ang sabi ko, "Hindi ko alam. Sasabihin ko sa iyo pagbalik ko."

132 Umakyat ako sa canyon, deretsong paakyat na kung saan pinagliliparan ng mga agila sa palibot. Pinagmamasdan ko

ang mga ilang usa na nakatayo roon. Lumuhod ako para manalangin, at itinaas ko ang aking mga kamay, at isang Tabak ang bumagsak sa kamay ko. Tumingin ako sa palibot. Iniisip ko, "Ano ba iyon? Wala namang iba sa tabi ko maliban sa akin. Narito ang Tabak nasa aking kamay; nagliliwanag, nangingintab, kumikislap sa sikat ng araw." Sinabi ko, "Ngayon, wala namang mga tao milya-milya ang layo mula sa akin, dito sa itaas ng canyon. Saan kaya nanggaling iyon?"

Narinig ko ang isang Tinig, ang sabi, "Iyan ang Tabak ng Hari."

Ang sabi ko, "Ang kabalyero ng hari ang isang may tabak."

133 Siya ang Tinig ay nagbalik, ang sabi, "Hindi isang tabak ng hari, kundi, 'Ang Tabak ng Hari,' ang Salita ng Panginoon." Ang sabi, "Huwag kang matakot. Ito lamang ay ang Ikatlong Hatak. Ito'y pagtitibay ng iyong ministeryo."

134 Nangaso ako noon kasama ang isang kaibigan, hindi alam kung anong mangyayari.

At may isang taong tumawag sa akin, yaong tumuligsa sa akin tungkol sa larawan ng Anghel ng Panginoon, yaong kumuha nito. Kinailangan kong magtungo sa Houston dahil sa kaniyang anak, sapagka't napasama siya sa bibitayin at mga ilang araw pa ay papatayin na siya. At ako'y kinatagpo niya roon at niyakap niya ako, ang sabi, "Isipin mo, ang lalaking aking tinuligsa ay narito upang iligtas ang buhay ng aking nag-iisang anak na lalaki!" Binigyan ako ng tinatawag nilang oscar ng makataong lipunan, o anuman ang nais ninyong itawag dito, dahil sa pagliligtas ng isang buhay.

135 Pagkatapos bumalik kami, umakyat ako sa bundok upang mangaso. Doon, si Kapatid na Fred at ako, isang umaga ako ay lumabas ako, at ako—ako nasa akin na ang sibat ko, at pinagmasdan ko at nakita ang lugar na kanilang pinatunguhan. Aking sinabi, "Kapatid na Fred, magtungo ka roon sa bundok na iyon ng maagang-maaga ngayon, bandang pagbubukang-liwayway, at doon ako sa kabilang panig. Hindi ako babaril sa mga baboy ramo, hindi ko papatayin siya. Subalit kung sila'y magpasimulang dumaan sa lugar na ito, yaong mga pangkat ng baboy, magpapatutok ako sa harap nila upang sila'y magsitakbuhan pabalik."

136 Si Kapatid na Fred ay nagtungo roon at walang mga baboy doon. Siya'y kumaway sa akin at aking nakita. Bumaba ako sa canyon, isang malaking bangin, pasikat pa lamang ang araw. Lumipat ako sa kabilang gilid ng burol, na walang iniisip ng anuman tungkol sa mga hula. Umupo iyon, naghihintay, nagpapahinga; sa isip ko, "Ano na kaya ang nangyari sa mga baboy na iyon?"

137 Dinampot ko ang aking . . . Naupong katulad ng ginagawa ng mga Indian, alam n'yo na, naka-krus ang mga paa. Tiningnan

ko ang aking kabuuang hita, at mayroong isang bullheader. Ito'y aking dinampot. At sinabi ko, "Iyon ay kakaiba! Narito ako, mga apatnapung milya ang layo sa hilagang-silangan ng Tucson. Naroon ang aking maliit na anak na lalaki si Joseph na nakaupo roon naghihintay sa akin." At habang nagpasimula akong maghanap, nakita ko ang isang grupo ng mga baboy na lumabas mga isang libong yarda ang layo mula sa akin, sa itaas ng isang bundok, inihagis ko pababa ang bullheader, ang sabi ko, "Huhulihin ko sila. Pupunta ako kukunin si Kapatid na Fred, at ako'y nagsabit ng kapirasong papel upang malaman kung saan dapat magtungo, dito sa ocotillo na ito, at makukuha namin ni Kapatid na Fred."

138 At sinumulan kong akyatin ang bundok, tumatakbo ng singbilis ng magagawa ko doon sa kabila. Bigla na lamang, pakiwari ko'y may taong bumaril sa akin. Wala pa akong narinig kailan man ng gaanong pagsabog; niyanig nito ang buong lalawigan. At, nang naganap iyon, nakatayo sa harapan ko ang pitong Anghel na isang kumpol.

139 Nasalubong ko si kapatid na Fred at iba pa, ilang sandali pagkatapos. Ang sabi, "Ano ba iyon?"

Sinabi ko, "Ito na iyon."

"Ano ang iyong gagawin?"

140 "Babalik na sa bahay. Sapagkat, GANITO ANG SABI NG PANGINOON, ang pitong hiwaga na naitago sa Biblia sa buong mga taon, itong mga denominasyon at lahat na, bubuksan sa atin ng Diyos ang pitong hiwagang iyon na nakapaloob sa Pitong Tatak."

141 Naroon yaong bilog na lumitaw mula sa lupa, katulad sa isang usok na nag-aanyo. Nang Ito'y mangyari, dumiretso Ito pataas sa bundok, nagpasimulang bumilog sa pakanluran, mula sa parang pinagmulan Nito. Natuklasan Iyon ng agham pagkalipas ng ilang sandali, tatlumpung milya ang taas at dalawampu't limang milya ang lapad, eksakto sa bilog ng piramid.

142 At noong isang araw, nakatayo roon, ibinaling pakanan ang larawan, at naroon si Jesus kung paanong Siya ay nasa Pitong Kapanahunan ng Iglesya, nakasuot ng puting piluka, ipinapakita ang Kataas-taasang pagka-Diyos. Siya ang Alpha at Omega; Siya ang Una at ang Huli: Siya ang Kataas-taasang Hukom ng lahat ng Walang Hanggan, nakatayo roon, pinagtitibay ang Mensahe ng kapanahunang ito. At magkakaroon ng Liwanag sa bandang gabi! Ano ang ibig sabihin nito? Ano ba ito?

143 Ako'y nagtungo pakanluran. Doon din sa bundok na iyon, kasama kong umakyat si Banks Woods doon, ang sabi, "Magpukol ng isang bato. Sabihin kay G. Woods, 'GANITO ANG

SABI NG PANGINOON, makikita mo ang Kaluwalhatian ng Diyos.'"

144 Kinabukasa mismo, nakatayo roon, isang ipu-ipo bumaba at pinasabog ang kabundukan. Tinagpas ng mga bato ang ibabaw ng mga puno, mga tatlo o apat na piye ang taas sa ulo ko. Lumikha iyon ng tatlong malalakas na pagsabog, at ang mga kapatid na lalaki ay tumatakbong papalapit. Nasa mga labinglimang lalaki ang nakatayo roon, mga mangangaral at lahat ng iba pa. "Ano ba iyon?" Sinabi niya, "Ano ba iyon?"

Ang sabi ko, "Tatamaan ng paghatol ang Kanlurang Baybayin."

145 Mga dalawang araw ang lumipas pagkatapos niyon, halos palubugin ng isang lindol ang Alaska. Ano itong Liwanag na lumitaw sa Sunset Mountain doon sa Kagubatan ng Coronado sa Arizona? Ano itong kakaibang bagay na nangyari doon sa itaas, na ang mga tao'y naglalakbay pasilangan mula sa kanluran, namumulot ng mga bato na nakakalat sa palibot niyon kung saan tumama Ito? At ang bawat isa sa kanila, ang bawat isang bato, ay may tatlong sulok ito, na pinutulan Nito. (Ang tatlo ay Iisa.) Nakalapag ang mga iyon doon sa mga desk, sa mga pahayagan, sa buong bansa. Ano itong kakaibang bagay na nangyari doon sa Sunset Mountain sa Kagubatang Coronado?

146 Nakikinig ngayon si Junior Jackson, naalala ba ninyo ang panaginip niya na binigyan ko nang pagpapaliwanag, "patungo roon sa paglubog ng araw"? At ito'y naganap sa "Sunset" Mountain. Ito ang oras ng gabi, oras ng paglubog ng araw. Ang Mensahe sa oras ng paglubog ng araw sa pagtapos ng kasaysayan, ang pagtapos ng hula, sa lalong maliwanag, na natutupad. At magkakaroon ng Liwanag sa gabi, doon sa Sunset Mountain sa Kagubatan ng Coronado, apatnapung milya sa hilaga ng Tucson. Kumuha ng mapa at makikita kung naroon nga ang Sunset Peak. Doon ang eksaktong lugar ng pangyayari. Hindi ko alam ito hanggang sa noong isang araw.

147 Lahat ng bagay na . . . Na hindi mamatay kailan man. Ito'y patuloy na inilalatag ang Sarili Nito. Mula sa pinakabagay na nagaganap, hanggang sa larawan ni Jesus na nakatayong nakatingin sa atin; at ngayon tamang-tama doon sa Sunset Mountain, at ang Liwanag sa paglubog ng araw. Ang Liwanag sa gabi ay narito na, pinatibay ng Diyos ang Kaniyang Sarili. Ano ba iyon? Ito ang mga katibayan na ang Diyos at si Cristo ay iisa. Ang "puti" ilan ang nakakita niyon, ang puting pilukang suot Niya, gaya ng pinag-usapan natin sa Apocalipsis 1? Kita n'yo, ang Kataas-taasang pagka-Diyos, Kataas-taasang Kapangyarihan; wala ng ibang tinig, wala ng ibang diyos, wala ng iba pang anumang bagay! "Sa Kaniya nanahan ang buong kapuspusan ng pagka-Diyos." Ang mga Anghel Mismo ang Kaniyang piluka. Amen.

148 Anong nangyari noon doon sa Bundok Sunset? Pinagtitibay ng Diyos ang Kaniyang Salita. Iyon ang lahat ng ingay na iyon. Pagmasdan, iyon ang Diyos na muling tinutupad ang Kaniyang ipinangakong Salita, sa Apocalipsis 10:1 hanggang 7, “At sa mga araw ng pag-ihip ng Mensahe ng ikapitong anghel, kung magkagayo’y ganap na ang hiwaga ng Diyos.” Ang naitagong hiwaga ng Apocalipsis 10:1 hanggang 7, ang huling Mensahe para sa huling kapanahunan ng iglesya. Ganap na natutupad, sa kapanahunang ito, San Lucas 17:30, “Sa araw na ang Anak ng tao ay mahahayag.”

149 “At magsisilitaw ang mga bulaang propeta, at mga bulaang Cristo, magpapakita ng mga tanda at mga kababalaghan, hanggang sa dadayain nito pati ang mga Hinirang kung maari.” Nananatili pa rin sa pag-aalinlangan ang mga tao. At, gaya ng dati, ang iglesya ay naguguluhan pa rin.

150 At ang agham, sa buong Tucson, sila’y sumusulat ng bahagi at inilalathala sa pahayagan. Sa nakalipas doon sa Bundok ng Lemmon, ang mga naglalakihang kamerang iyon ay hindi ito nakunan Ito na tumataas mula sa aming kinatatayuan; tinatangay iyon patungong Kanluran, ipinamamalas na ang panahon ay tapos na. Ito’y hindi na uusad sapagkat maliit na bahagi na lamang ang naroroon; ito ay nasa Kanlurang Baybayin. Dumating ang paghatol mismo kung saan iyon tumungo. Nagtuloy iyon sa Pheonix at nagtuloy na tumawid, sa Prescott at tumawid sa mga kabundukan tungo sa Kanlurang Baybayin, at nagpatuloy hanggang sa. . . Saan ang tuloy nila? Doon mismo sa Alaska, at nagkukumulog siya, patungo sa landas na iyon.

151 At ang mga obserbatoryo at lahat sila na nasa Tucson ay patuloy na nagtatanong pa rin, pinipilit ng mga mananaliksik ng agham na tuklasin kung ano iyon. Masyadong napakataas at na hindi sila magkakaroon ng hamog, o ulap man, o walang anuman doon sa itaas. “Ano ang sanhi nito? Nasaan na ito? Sila’y sadyang naguguluhan sa natural na bilog na naroon sa kalangitnaan gaya rin nilang sa mga Mago dumating na sinusundan ang isang Bituin, sinasabi, “Nasaan Siya na ipinanganak na Hari ng mga Judio?” Ano ba iyan? Tinutupad ng Diyos ang Kaniyang Salita, “At may isang tala na sisikat mula kay Jacob.”

152 At ang Diyos ng Kalangitan ay nangako na sa panahon ng gabi ay magkakaroon ng panggabing Liwanag. Tatlong taon ang nakaraan ang hiwagang ito ay isang hula, ang nakalipas, “Anong oras na po, ginoo?” Subalit ngayon ito’y kasaysayan. Ito’y lumipas na. Natupad na ang pangako. Anong oras na po ba, ginoo, at ano itong atraksiyon? Tinutupad ng Diyos ang Kaniyang Salita! Siya’y ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan man.

Manalangin tayo.

153 Mahal naming Diyos, pinigil ko ng matagal ang mga tao, mas mahaba kaysa sa aking nais mangyari. Dalangin ko, Diyos, na kung mayroon akong nabanggit o ginawa nawa ito'y magbunsod sa mga tao sa iba't-ibang dako na ito'y kanilang maunawaan. At sa pamamagitan ng paningin at pang-unawa sila'y mananampalataya na Ikaw ang totoong Cristo, at ang mga Salitang napagtibay ang siyang magpatibay sa Kaniyang Salita bilang sakdal at bilang katuparan sa kapanahunan nito.

154 Ngayon, Panginoong Jesus, mula sa Iyong Sariling mga Salita, Sinabi mo na ang sanlibutan ay magiging isang maka-Sodomang kalalagayan. Alam namin iyan, maaari kaming tumingin doon. At sinabi Mo, sa araw na iyon, "Katulad sa Sodoma noon." May tatlong mensahero na ipinadala sa mundo ng Gentil at Hebreo. At ang isa sa kanila, ay ang Diyos Mismo, ang Anak ng tao, inihayag ang Kaniyang Sarili sa anyo ng isang tao at gumawa ng isang himala, hanggang sa sabihin kay Abraham kung ano ang ginagawa ni Sara sa likod Niya ng tolda.

155 Iyong sinabi na ito'y muling mauulit kapag ang buong mundo ng mga Gentil ay magiging isang maka-Sodomang kalalagayan. At narito na kami, Panginoon. Ang ibang mga hula ay nagpapatibay ng iisang bagay, na susuguin si Elias sa huling mga araw, ang Espiritu ni Elias sa ibabaw ng lupa, upang papagbaliking loob ang mga puso ng mga magulang, o, "ang mga anak sa mga magulang." At ako'y dumadalangin, Diyos, na sa oras na ito Iyong pagtitibayin ang Iyong Salita, na Ikaw ay siya ring kahapon ngayon, at magpakailan man. Ipagkaloob ito, Ama. Lahat sila ay sa Iyo. Dalangin ko na Iyong ipagkakaloob itong mga biyaya at pagtitibayin kung ano ang mga nasabi, para sa Kaluwalhatian ng Diyos. Sa Pangalan ni JesusCristo. Amen.

156 Ang mangusap ng isang salita, ay isang tao; ang pagtibayin ang isang salita, ay Diyos. Ang mangusap ng isang bagay ay isang bagay, ang gawin ito ng Diyos, ay iba nga bagay. Hindi nangangailangan ang Diyos ng tagapagpaliwanag; Siya Mismo ang gumagawa ng Kaniyang pagpapaliwanag.

157 Ngayon naghahanda tayo upang magkaroon ng hanay na panalangin, upang ipanalangin ang mga maysakit, kung loloobin ng Diyos. At alam natin na walang sinuman, walang lalaki, walang babae, walang sinumang tao, walang anghel, na makapagpapagaling sa inyo, sapagkat ito'y ginawa na ng Diyos. Ginawa Niya ang paghahanda, ang tanging bagay na dapat ninyong gawin ay tanggapin ito.

158 Walang sinumang tao, walang anghel, wala ni anuman, ni maging ang Diyos Mismo, makapagpapatawad sa mga kasalanan mo. Ito ay nagawa na. Ginawa ito ni Jesus doon sa Krus. Subalit hindi ito kailanman magbibigay ginhawa sa iyo, o anuman, o anumang bagay na pakinabangan mo, hanggang sa tanggapin mo ito. Kita n'yo?

159 Ang tanging bagay na magagawa, ay sundin ang mga utos na ibinigay ng Diyos, na ipatong ng mga mananampalataya ang mga kamay sa maysakit. Ito'y ginawa nila sa mga nagdaang mga kapanahunan, sa mga revival. At tinatawag nila itong, "Diyos."

160 Maraming nakitang mga tanda si Abraham. Subalit dumating ang isang pagkakataon nang makita ni Abraham ang huling tanda niya, bago nasunog ang Sodoma, at iyon ay ang Diyos na ipinahahayag ang Kaniyang Sarili sa anyo ng isang tao. Naniniwala ba kayo doon? Sinabi ba ni Jesus na ito'y muling mauulit?

161 Ngayon, ilan sa inyo ang narito. . . At diyan sa radyo, o sa mga telepono sa buong bansa, kung nakikinig pa kayo, maghanda ngayon para sa panalangin, maging mapanalanginin, at kayo na mayroong mga panyo na naririto. Ngayon, hindi ko maaring sabihin sa Diyos kung ano ang dapat gawin. Hindi, ilayo nawa ito sa aking maging ang pagtangka nito. Siya ang kataas-taasan; Gagawin Niya ang anumang nais Niyang gawin. Ang magagawa ko lamang ay sumunod at sasabihin lamang kung ano ang Kaniyang sasabihin.

162 At ngayon nakatayo sila sa palibot ng mga dingding, sila ay nagsisiksikan, at punong-puno. Iniisip ko kung maaari ba nating itanong sa Diyos ang mga salitang ito, "Ano itong atraksiyon?" Kung muling kumilos ang Diyos sa gitna natin (maaaring mayroong mga dayuhan dito), at kumilos sa gitna natin at ipakita ang Kaniyang mapagpalang mukha sa ating kalagitnaan, ipakita ang Kaniyang Espiritu na naririto ngayon, ipakita na Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at kailan man, upang ang bawat isa sa atin (pagkatapos nitong dalawang matigas na Mensahe) ay maaring sampalatayanan ito na maging gayon? Magagawa ba ninyo ito? Mabuti.

163 Sa halip na tumawag ng hanay na panalangin, saka; mainit, nagsisiksikan, nakatayong nakasandal sa dingding. Tumitingin ako sa palibot sa *gawi rito*, upang tawagin ko ang hanay na panalangin, hindi n'yo ito magagawa; tingnan, mga nakatayo roon. Maaari ko bang sa *ganitong* paraan? Ang maysakit ninyo, mga teheras, at iba pang mga bagay, na nakapalag; hindi n'yo magagawa ito. Kaya manatili kayo sa inyong kinauupuan, at manampalataya sa Diyos. Kung mayroon kayong prayer card, hawakan iyan, ito'y maging mabuti. Lalapitan namin kayo kung nais ninyo ng pumila sa hanay. Subalit hindi na ninyo kailangang pang pumunta sa hanay na panalangin.

164 Na si G. Shepherd, nakaraang Linggo ng gabi, hindi siya nagtungo sa anumang hanay. Hindi ko—hindi ko iniisip kung mayroon siyang prayer card. Si G. Shepherd ba ay narito ngayong gabi? Nasaan siya? Narito ba siya? Siya ay nasa likod. Mayroon ka bang prayer kard, G. Shepherd? Wala ka ba? Wala.

Siya'y nakaupong muli banda roon, ngayong gabi. Iyan isang mainam na kalalagayan, Kapatid na Shepred.

165 Hindi lamang na mapapunta ka riyan, kundi sadyang magkaroon ng pananampalataya. Sapagkat, alalahanin, isang munting babae ang humipo sa Kaniyang damit at ito'y Kaniyang naramdaman. At Siya'y katulad ng kahapon, ngayon, at kailan man. At ang sulat sa Hebreo, sa Bagong Tipan, ay sinasabi na Siya ang Dakilang Saserdote ngayong gabi na maaari nating "mahipo sa pamamagitan ng pandama ng inyong pagkamasakitin." Naniniwala ba kayo diyan? Kung gayon magkakaroon ng pananampalataya! Huwag pag-alinlangan Ito. Sampalatayanan Ito, at ito'y magaganap. Matanggap mo kung ano ang iyong-kung ano ang iyong hinihiling, kung magagawa mong manampalataya Diyan. Subalit kailangan mo na sampalatayan Ito. Magagawa mo ba ito? Lahat ba kayo ay mananampalataya Dito? Ilan sa inyo ang manampalataya Dito ngayon? Pagpalain ka ng Diyos.

166 Hindi ko alam kung sino kayo. Wala akong kilala sa sinuman sa inyo. Hindi ko gawain ang kilalanin ang sinuman sa inyo. Gawain ito ng Diyos na kilalanin ang mga bagay na ito. Subalit ito'y Kaniyang gagawin kung kayo'y sumasampalataya Dito. Sinasampalatayanan n'yo ba Ito ngayon?

167 Ngayon, Mahal na Diyos, tunay na hindi kami ang kumpol ng pinaghalu-halong mga Cristiyano, hindi kami dapat, isang tao na tinatapik-tapik at tinatratong parang sanggol. Wala Kayong ganiyang uri, Panginoon. Ikaw ay may mga malalakas na mga mananampalataya. Ang pinaka Presensiya ng Diyos ang naglagay sa puso ng isang tao para mag-alab. Katulad ni Abraham, nanampalataya siya sa Diyos. Ipinakilala Mo ang Iyong Sarili ng lubos sa kaniya, pagkatapos nagpakita sa kaniya at gumawa ng isang tanda, at sinampalatayanan Niya. Ibinalik Mo ang kaniyang katawan sa isang kabinataan, at gayundin ang kaniyang asawa, kung saan, ang kaniyang asawa ay bahagi ng kaniyang sariling katawan. Pagkatapos lumabas ang bagong bata, ang ipinangakong anak na lalaki.

168 Diyos, ipinangako Mo na gayundin ang mangyayari sa araw na ito. Dalangin ko na Iyong pagtibayin ang Salitang ito. At kami'y makikibahagi doon sa isang pangakong iyon, na ito'y magiging katulad ng pangyayari sa Sodoma, na bago sunugin ang Sodoma at tumama ang kahatulan sa Sodoma, ang mundo ng mga Gentil. Kaya't ang paghatol ay inihahanda para hampasin ang mundo ng mga Gentil, at may tatlo at kalahating taon pa ang mga Judio sa panahon ng Kapighatian, ang kabagabagan ni Jacob, ang pagpapatuloy ng pitumpong sanlinggo ni Daniel. Subalit, na bilang na ang mga Gentil, oras na para umalis. At ibinigay Mo ang tandang iyon, at sinabi Mo na ito'y muling mauulit. Ipagkaloob ito, Diyos. Sila'y, sila'y nasa Iyong mga

kamay, gawin sa amin ang nararapat sa Iyong paningin. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

169 Ngayon, huwag kayong manerbiyos. Ano kaya ang mangyayari kung ako nerbiyos? Ngayon, gumagawa ako ng isang bagay rito na ito ay dapat ibatay sa dakilang kapangyarihan ng Diyos. Subalit bakit ko ito ginagawa? Sinabi Niya magiging gayon ito. Iyon ay sapat na. At kung gagawin Niya ang Kaniyang Sarili na gayon, patunayan katulad niyan sa harap ninyo, aba, hindi n'yo ba Siya masampalatayanan? Walang-alinlangan. Kailangan n'yo lamang ang pananampalataya ngayon at sumampalataya.

Hayaan ninyo akong tumingin sa paligid, kung saan makita natin ang pangunguna ng Espiritu Santo, ano ang Kaniyang gagawin. Hindi ko alam kung ano ang Kaniyang gagawin, iyon ay nasa Kaniya na. Subalit kung magkakaroon lamang kayo ng pananampalataya, mananampalataya lamang, "Ang lahat ng mga bagay ay posible para sa kanila na magsisisampalataya." Lahat ba kayo ay naniniwala diyan, itaas ang inyong mga kamay at sabihin, "Sinasampalatayanan ko Iyan." [Ang kongregasyon, "Sinasampalatayanan ko Iyan."—Pat.] Nang buong puso ko, sinasampalatayanan Ko Ito.

170 Ngayon ang tatlo ay isang pagpapatibay, kung gagawin Niya ito ng tatlong ulit na tuloy-tuloy, upang patunayan sa inyo na Ito ay tama. Hindi mahalaga sa akin kung nasaan ka, at kung sino ka, kailangan mo lamang magkaroon ng pananampalataya at maniwala. Ngayon, huwag—huwag lumibot sa paligid. Sa gawing *ito*.

171 Babae, nanalangin, hindi kita nakikilala. Manatili ka lamang sa iyong kinalalagyan; hindi mo na kailangan pang pumarito. Hindi kita nakikilala, subalit may hawak kang isang maliit na batang babae, o sa iyong kandungan. Ako ay lubos na estranghero sa iyo. At ang maliit na batang babae ay mukhang normal naman, siya'y mukhang maayos. Siya'y magandang batang babae, munting babae na mapula ang buhok. Nakatingin ako rito sa kaniya, hindi naman siya mukhang pilay o anuman. Hindi ko alam kung ano ang problema niya. Maaaring hindi ito tungkol sa bata; ito'y maaaring para sa iyo. Subalit nagkataon lang na nakita kitang nakaupo kasama ang batang iyan, at nananalangin. Nais kitang kausapin sandali, upang mahuli ko ang iyong espiritu, katulad ng sinabi ni Jesus sa babae, "Bigyan mo Ako ng maiinom," kita n'yo, para mailarawan—mailarawan lamang ang isang tao. Si Kapatid na Bryant at sila na mga nakaupo rito, kilala ko ang mga taong nakaupo rito. Maaaring sila'y mga nangangailangan, din, subalit ikaw ay isang estranghero.

172 Naniniwala ka ba sa akin na isang propeta ng Diyos? Sinasampalatayanan mo ba ang mga bagay na ito na

iyong narinig ngayong gabi ay Katotohanan? Ngayon, kung maghahayag sa akin ang Diyos ng anuman na iyong ginawa, o anuman na hindi mo dapat ginawa, o anumang problema mo, o kung ano man ang iyong ninanasa, malalaman mo kung ito ay tama o hindi. Gusto mo ba? At kung gagawin Niya iyon, ito ba'y magpapatibay sa Kaniyang Salita na Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at kailanman, at yaong San Lucas 17:30 ay naihahayag? Naniniwala ka ba Rito?

173 Ngayon, ang babaing nagtaas ng kamay na kami'y hindi magkakakilala. Hindi kita kilala, subalit sinisikap kong makipag-alam sa kaniyang espiritu, isang tao. Napakarami ninyo na humahatak. Ngayon, sumasampalataya ka ba Dito ng buong puso mo.

Ngayon, para ito sa maliit na batang babae. Hindi ito para sa iyo. Ikaw ay ninerbiyos, subalit hindi ang pagiging nerbiyoso ang gumagambala sa iyo. Ang malaking bagay na nasa puso mo ay ang batang babaeng iyon. At naniniwala ka bang sasabihin sa akin ng Diyos kung ano ito? Pinaniniwalaan mo ba ito? Makakatulong ba ito sa iyo, maniniwala ka na ngayon? Ito'y isang pinsala sa utak. Tama ba iyan? Ngayon ipatong mo ang iyong kamay sa ulo ng munting bata; ang iyong kamay.

174 Mahal na Diyos, sinabi Mo, "Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na magsisisampalataya. Ipapatong nila ang kanilang kamay sa maysakit, at sila'y gagaling." Ang babae ay isang mananampalataya. Ang kaniyang kamay ay nakapatong sa bata. Nawa ito'y gumaling. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, inaalay ko ang panalanging ito. Amen.

175 Ngayon naniniwala ba kayo, lahat kayo? Kung magawa ninyong manampalataya, ang lahat ng mga bagay ay posible. Walang alinlangan!

176 Kilala ko ang babaing nakaupo sa tabi niya, ngunit siya ay buong katapatan na nakatingin dito. Hindi ko mabanggit ang kaniyang pangalan, subalit ako. . . Kung titingnan ko siya ng sandali, ay malalaman ko. Subalit kilala ko ang babae sa hitsura, subalit hindi ko alam kung ano ang iyong suliranin. Naniniwala ka ba na ako. . . na ipapaalam sa akin ng Diyos kung ano ang iyong dinaramdam? Ikaw ba'y. . . Makakatulong ba ito sa iyo? Sugar diabetes. Ngayon, kung ito ay tama, itaas mo ang iyong kamay. Walang alinlangan!

177 Nagkataon ang babaing iyan na nakahiga. . . nakaupo sa tabi mo, ay mayroon ding parehong karamdaman. Siya ay isang estranghero. Ang ibang babae ay nananalangin para sa isang tao, isang batang lumpo. Manampalataya ka ng buong puso mo, ipagkakaloob ito ng Diyos.

178 May isang tao rito sa likuran. Isang lalaking nakaupo banda riyan, na nagsisikap ihinto ang kaniyang paninigarilyo. Naniniwala ka bang aalisin ang mga iyan ng Diyos sa iyo?

Mabuti. Naniniwala ka ba? Matatanggap mo ito. Hindi ko pa nakita ang lalaking iyon sa buong buhay ko.

179 Narito ang isang lalaki. Nakikita ba iyang madilim na aninong nasa ulunan ng lalaking iyan banda rito na nakahiga sa isang tiheras, o isang upuan? Agaw-buhay siya. Nalulukuban siya ng anino. Siya ay may kanser. Hindi ko kilala ang lalaki, kailanman hindi ko pa siya nakikita. Alam ng Diyos ang lahat tungkol sa iyo. Iyan ang katotohanan, ginoo. Naniniwala ka ba sa Diyos na sasabihin sa akin ang anuman tungkol sa iyo? Ito ba'y makakatulong sa iyo na matanggap ang iyong kagalingan? [Ang sabi ng kapatid na lalaki, Opo, naniniwala ako."—Pat.] Ikaw ay dinala rito ng isang kaibigan. Subalit hindi ka tagarito, ikaw ay sa isang lugar kung saan mayroong isang malaking daluyan ng tubig na kung saan ang mga tao ay nangingisda. ["Siyanga."] Siyanga, Albany, Kentucky. ["Tama iyan."] Tama iyan. Manampalataya, at uuwi ka sa iyong tahanan, magaling. Manampalataya na ito'y wala na. Kung sampalatayanan mo Ito. Kailangang sampalatayanan mo Ito, at manampalatayang ito'y ginawa na para sa iyo. Naniniwala ka ba?

180 Ikaw, na taga Tennessee, may isang batang lalaki na may hika. Wala rito, ngunit ikaw ba ay nananampalataya na siya ay gagaling? Kung gayon kunin mo ang iyong panyo, iyong. . .sa iyong kamay doon, sa kaniya. Siya ay gagaling kung Ito ay iyong sasampalatayanan.

181 Ang babaing umiiyak, na nakaupo sa tapat ni Doktor Vayle diyan. Siya ay nalulukuban din ng anino, isang maitim na anino. Hindi ko pa nakikita ang babaing ito sa buong buhay ko, subalit siya ay may kanser. Mamamatay siya kung walang gagawing paraan sa kaniya. Naniniwala ka ba na ikaw ay pagagalingin Niya, babae? Magagawa mo ba? Matatanggap mo ang iyong kagalingan, kung sasampalataya ka lamang.

182 May isang maliit na babae na nakaupo sa likuran niya na may panyong nakatakip sa kaniyang bibig. Siya ay mayroon ding ulcer sa tiyan, maysakit. Nagkaroon ka na ng mga ora-orasyon, nabubulagan, pagtalikod. May isang tao na nagdala sa iyo rito. Mayroon kang pambabaing sakit. Kung ikaw ay maniniwala, maaari ka ng makauwi, gagaling ka.

183 Ikaw, binata, ikaw ay isang estranghero; nakaupo mismo dito sa aking harapan, nakatingin sa akin. Ano ka ba, Puerto Rican o anuman? Siyanga, ibig kong sabihin,. . .?. . .! Ako ay isang estranghero sa iyo. Alam mo iyon; ni hindi ka nanggaling sa aking bansa. Subalit naniniwala ka na ipagkakaloob ng Diyos sa iyo ang ninanasa ang iyong puso? Kung sasabihin ko sa iyo kung ano ang ninanais mo, tatanggapin mo ba iyon? Hinahangad mo ang bautismo ng Banal na Espiritu. Iyan ang totoo. Tanggapin mo ang Banal na Espiritu, aking kapatid na lalaki.

184 Narito ang isang itim na lalaki na nakaupo sa likod banda rito, mayroong kabigatan sa kaniyang puso. Ito'y para sa kaniyang asawa. Siya ay wala rito, gayon pa man. Siya ay may problema sa kaniyang paa. Naniniwala ka ba na pagagalingin Niya siya? Magagawa mo ba? Ikaw ay isang estranghero rito. Ikaw ay mula sa ibayong dagat. Ikaw ay taga Jamaica. Naniniwala ka ba na sasabihin sa akin ng Diyos kung sino ka? G. Brady. Naniniwala ka ba? Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at kailan man.

185 Ang babaing ito na nakaupo sa likod *dito* sa bandang huli, katabi ni Gng. Wright doon, siya'y may dala-dalahin sa kaniyang puso. Nananalangin siya para sa isang anak na babae. Nakatakda na siyang operahan. Naniniwala ka ba ng buong puso mo, para sa kaniya? Hindi na niya kailangan iyon kung magagawa mong siya'y sumampalataya Dito. Hindi ko kayang magpagaling.

186 Kung babalikan ang nakalipas doon sa nursery, nakita ko ang Espiritu ng Panginoon, isang Anghel, isang Liwanag na gumagalaw sa loob ng nursery. Ito'y nasa itaas ng isang batang babae, at siya ay may espirituwal na suliranin na palagi niyang iniisip. Para bang nais kong kilalanin ang babae, kahit papaano, isang batang babae. Siya ay mayroon ding pambabaing sakit. Oo. Ang pangalan niya ay Gng. West, mula sa Alabama, Gng. David West. Manampalataya; Ipagkakaloob sa iyo ito ng Diyos.

187 "Ito'y magkakaroon ng Liwanag, at sa araw na iyon kapag ang Anak ng tao ay mahahayag." Kung hindi iyan si Jesus Cristo na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan man, wala akong alam na anuman tungkol Dito. Naniniwala ba kayo Diyan? Lahat ng mga bagay ay posible sa kanila na magsisisampalataya.

188 Doon sa labas ng mga mikropo sa buong panig ng lupain ngayon, at dito sa loob ng tabernakulo, ilan sa inyo ang makapagtataas ng inyong mga kamay at sasabihin, "Ako ay isang mananampalataya"? Ngayon, kayo na nasa labas diyan sa lupain, nakataas ang kamay ng bawat isa, dito. At doon sa labas, saan man doon sa dako ng bansa, nakataas ang inyong mga kamay, walang pag-aalinlangan. Ngayon ipikit ninyo ang inyong mga mata, ipatong ninyo ang inyong mga kamay sa isang tao na malapit sa inyo. Hawakan ninyo ang kanilang kamay. Ipatong iyon sa kanilang balikat. Nakapatong din ang mga kamay ko sa mga panyo. Pagmasdan kung ano ang naganap sa araw na ito! Pagmasdan kung ano ang nagaganap ngayon.

> Pinagmamasdan ang Kaniyang banal na mukha
> Na nagliliwanag ng Makalangit na pag-ibig;

Mapalad na maging kabahagi ng Kaniyang biyaya,
Katulad ng hiyas sa Kaniyang korona na nagniningning.

Ngayon manalangin. Manalangin tayo, kahit saang dako.

189 Mahal na Diyos, dumating na ang oras. Ano ang ibig sabihin nito? Tinutupad ng Diyos ang Kaniyang Salita! Ano ang atraksiyon, Panginoon? Ito'y ang Diyos na tinutupad ang Kaniyang Salita. Ano itong nasa labas sa buong bansa, sa pamamagitan ng telepono, na daan-daang mga tao ang ipinapatong ang kani-kanilang mga kamay sa isa't-isa sa buong bansa, mula sa isang baybaying dagat tungo sa kabila, mula sa Hilaga hanggang Timog, Silangan hanggang Kanluran? Narito naglagay ng mga tao rito mula sa iba't ibang bansa, marami sa mga estado, Mexico, Canada, at nakapatong ang aming kamay sa isa't -isa. Tinutupad ng Diyos ang Kaniyang Salita!

190 Paano ito na ang isang tao ay makakatayo sa pamamagitan ng Espiritu Santo at tumawag ng isang tao tulad ng Kaniyang ginawa kay Simon Pedro, "Ang pangalan mo ay Simon, ikaw ay anak si Jonas"?

"Humayo tawagin mo ang iyong asawa at pumarito."

"Wala akong asawa."

"Tunay. Mayroon kang lima."

191 Kaniyang sinabi, "Alam ko na ang Mesias ay darating upang gagawin ito, subalit Sino Ka?"

Ang sabi Niya, "Ako nga Siya."

192 At Ikaw ay siya ring kahapon, ngayon, at kailan man. At Iyong ipinangako, "Gagawin din naman ang mga gawang Aking ginagawa. Lalong higit pa rito ang inyong gagawin, sapagkat Ako'y paroroon sa Ama." "At, narito, sa mga huling araw Aking susuguin sa inyo ang Elias, na propeta, at babaguhin niya ang kaisipan ng mga tao, papagbabaliking loob niya ang mga puso ng mga anak pabalik sa apostolikong Katuruan ng Biblia." At magkakaroon ito ng Liwanag sa panahon ng gabi."

193 Narito na tayo, dakilang Diyos ng Kalangitan! Ang oras ay narito na! Ang mga kamay ay nakapatong sa mga tao.

194 Satanas, ikaw ay talunan. Ikaw ay isang sinungaling. At, bilang isang lingkod ng Diyos, at bilang isa sa mga lingkod, inuutusan namin na sa Pangalan ni Jesus Cristo, na sumunod ka sa Salita ng Diyos, at lumabas ka sa mga tao, 'pagkat ito'y nasusulat, "Magpapalayas sila ng mga demonyo sa Aking Pangalan."

195 At nawa ang lahat ng tao ay makalaya. Ipagkaloob mo ito, Mahal na Diyos. Ikaw ang Diyos ng Langit na tumatalo, nang araw na iyon na may atraksiyon sa Bundok ng Kalbaryo, lahat ng

karamdaman at mga sakit at lahat ng mga gawa ng Diablo. Ikaw ang Diyos. At ang mga tao ay gumaling sa pamamagitan ng Iyong mga latay. Malaya na sila. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

196 Diyos, bawat panyo na nakalapag dito, habang ang Espiritu ng Diyos ay narito, habang ang pahid ni Jesus Cristo ay nasa mga tao, at ang dakilang mga tanda na Kaniyang ipinangako ay natutupad, at ang mundo ay nayayanig, magaganap ang mga lindol, ang mga dakilang tanda na Kaniyang sinalita, at ang Kasulatan ay natutupad, at ang Liwanag ay nagniningning. Lisanin ko ang aking katawan sa mga panyong ito, kumakatawan sa buong katawan ng mga mananampalataya mula sa Silangan, Kanluran, Hilaga, at Timog; at sasabihin sa Diablo, "Sa Pangalan ni Jesus Cristo, inilalapat ang bawat pasyenteng napatungan ng kamay," sa karangalan at kaluwalhatian ng Salita ng Diyos. Sa Pangalan ng Salita ng Diyos, si Jesus Cristo na taga Nazaret. Amen.

197 Ngayon, buong katahimikan, may maliwanag na isip, may kahinahunan, at sa tamang mga kaisipan, bilang isang mananampalataya naniniwala na ba kayo ngayon at tinatanggap ang inyong kagalingan mula sa Diyos na Makapangyarihan, sa Pangalan ni Jesus Cristo? Kung naniniwala kayo, itaas ang inyong mga kamay. Lahat sa labas na nasa lupain, itaas ang inyong mga kamay diyan sa labas. Bawat tao na naririto, hanggang sa abot ng aking nakikita, ay ay nakataas ang kanilang mga kamay; sa loob, sa labas, maging sa mga bintana, sa mga pintuan, sa mga nursery, at buong paligid kahit saan, mga tao na nakataas ang kanilang mga kamay.Tinatanggap nila Ito. Si Satanas ay talunan! Ang mga latay ni Jesus Cristo ang nagpagaling sa inyo, at ang Presensiya ni Jesus Cristo ang magpapatunay sa katotohanan na Siya ay isang buhay ngayon, kailanman ay may kakayanan na tuparin ang bawat pangako na Kaniyang ginawa. Amen! Nananampalataya ako sa Kaniya. Kayo rin ba? [Abg sabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

198 Ngayon magsitayo tayong lahat. Sa Pangalan ng Panginoong Jesus, tinatanggap ang lahat ng mga bagay na naisagawa at naipangusap, mahal natin Siya ng ating buong mga puso. Minamahal natin Siya ng lahat na nasa atin. Ngayon sa inyong pag-uwi sa inyo-inyong mga tahanan mula sa gabing ito, sumasainyo nawa ang Diyos. Ibigay nawa ng Diyos sa inyo ang Banal na Espiritu kung wala pa sa inyo ang Banal na Espiritu.

199 Bawat lalaki, babae, batang lalaki, o batang babae, dito, na hindi pa nababaustimuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, may mga damit bihisan sa tubig. Huwag ipagpabukas kung ano ang maaaring gawin ngayon. Maaaring bukas ay huli na. "Sapat para sa araw na ito, sapagkat ang araw, ay pasama ng pasama." May nakatayong mga ministro, na naghihintay, may mga damit na naghihintay. Wala ng mga dahilan. Naghihintay ba kayo? Kung gayon nga, mananampalataya kayo. Kahit na paano pa

kayo binautismuhan, winisikan, binuhusan, anuman iyon, ito ay mali. Dumating na ang Liwanag. Halika, manampalataya, at magpabautismo.

200 Bawat isa na walang Banal na Espiritu, nawa'y tanggapin ninyo ang Banal na Espiritu, bawat isa sa inyo, sa buong Makalangit na kapangyarihan at pag-ibig na Kaniyang ipinangako sa inyo, upang maging isang bagong nilalang kayo sa Kaniya. Pagpalain kayo ng Diyos.

201 Ngayon, hanggang sa susunod na Linggo ng umaga sa ganap na ika-siyam at kalahati, awitin natin itong maikling awitin na malimit nating inaawit sa mga nakalipas na taon.

> Huwag ninyong kalimutan ang pampamilyang panalangin,
> Nais ni Jesus na makatagpo kayo doon;
> Dadalhin Niya ang bawat pasanin ninyo,
> Huwag ninyong kalimutan ang pampamilyang panalangin.

Awitin natin ito ng sabay-sabay ngayon.

> Huwag ninyong kalimutan ang pampamilyang panalangin,
> Nais ni Jesus na makatagpo kayo doon;
> Dadalhin Niya ang bawat pasanin ninyo,
> Oh, huwag ninyong kalimutan ang pampamilyang panalangin.

202 Ngayon habang inaawit nating muli iyan, kamayan ninyo ang mga manlalakbay sa tabi ninyo, kita n'yo, habang inaawit natin ito.

> Huwag ninyong kalimutan ang pampamilyang panalangin,
> Nais ni Jesus na makatagpo kayo doon;
> Dadalhin Niya ang bawat pasanin ninyo,
> Oh, huwag ninyong kalimutan ang pampamilyang panalangin.

203 Hindi n'yo ba Siya mahal? Mahal ko Siya. Mahal ko Siya sapagkat una Niya akong minahal at binayaran Niya ang aking kaligtasan (iyon ang atraksiyon) sa Bundok ng Kalbaryo. Siya ring atraksiyon sa Sunset Mountain, Bundok ng Nebo, Bundok ng Sinai, mga karanasan sa lahat ng iba't ibang tuktok ng bundok. Kung gayon, mabuti, awitin natin ito ngayon.

> Mahal Siya, Mahal Siya
> Pagkat minahal Niya ako
> At nag-a . . . kaligtasan
> Sa Kalbaryo.

204 Lahat ng umiibig sa Kaniya, nagsabi, "Amen." [Ang sabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Mangyari nawa ito! Ngayon isipin na lamang kung ano ang nagawa Niya sa inyo; isipin, maaaring

ikaw ay naroon pa sa labas sa mga silid inuman ngayong gabi. Maaaring naroon ka na sa hukay gaya ko rin kung wala ang mga kahabagan ng Diyos. Ano ang ginawa Niya para sa inyo? Oh, paano natin maililihim ang ibigin Siya? Walang halaga kung ano ang sasabihin ng iba, Siya ang Una.

205 Ipikit natin ang ating mga mata, at iyuko natin ang ating mga ulo habang inaawit natin ito sa Kaniya ngayon. Gusto Niya ng mga awitin, ang pag-awit ng mga himno. Awitin natin ito sa Kaniya ngayon.

Mahal Siya, Mahal Siya
Pagkat minahal Niya ako
Nag-alay ng kaligtasan
Sa Kalbaryo.

206 Habang nakayuko ang ating mga ulo at ang ating mga puso sa Kaniyang Presensiya, labis-labis na kadakilaan ang nakita ng aming mga mata, kung ano ang narinig ng aming mga tainga, kung ano ang nakatala sa Salita ng Diyos, kung ano ang Kaniyang pangako para sa atin sa araw na ito. Pagpalain kayo ng Diyos.

207 Mayroon tayong isang—isang panauhin na kasama natin ngayong gabi, isang kapatid na lalaki, si Ned Iverson, dati siyang isang ministro ng Presbyterian. Ang kaniyang Ama, ang kaniyang mga kapatid na lalaki, ay pawang mga ministro ng Presbyterian. Siya, ayon sa aking pagkaalam, ay binautismuhan sa araw na ito, muli, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Siya ay isang ministro, at isang mabuting lingkod. At ngayon akin siyang hilingin, dahil ako'y naniniwala na siya ay lingkod ng Diyos, upang hilingin ang basbas ng Diyos para sa kongregasyong ito habang pauwi na kayo sa inyo-inyong mga tahanan.

208 Kapatid na Iverson, pumarito ka sa harapan, habang nakayuko ang ating mga ulo sa panalangin. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid ko.

*Ano Ang Atraksiyon Sa Bundok?* TAG65-0725E
(What Is The Attraction On The Mountain?)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, unang ipinangaral sa wikang Ingles noong Linggo ng gabi, Hulyo 25, 1965, sa Tabernakulong Branham sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilathalang walang pagbabago sa wikang Ingles. Ang saling ito sa Tagalog ay nilimbag noong 2000 ng:

TAGALOG

©2000 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:



VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org